

Epekto Ng Artificial Intelligence (AI) Sa Akademikong Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Sa Mga Pampublikong Paaralang Sekondarya Sa Lalawigan Ng Albay: Isang Pagsusuri

Michelle V. Sales
Bicol College Inc.
mvsales@sltcfi.com

Petsa ng Pagsumite:

Abril 18, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Abril 28, 2026

Petsa ng Paglathala:

Mayo 6, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.20050840

Abstrak

Sinuri ng pag-aaral na ito ang epekto ng Artipisyal na Katalinuhan (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 at 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Gamit ang deskriptibong cross-sectional na disenyo at stratified random sampling, nakalap ang datos mula sa 450 mag-aaral at 19 na guro sa Filipino sa pamamagitan ng talatanungan. Natuklasan na ang ChatGPT, Canva, at Quillbot ang pinakamadalas gamiting uri ng AI. Kabilang sa positibong epekto ang mas mabilis na access sa impormasyon, pinadaling pananaliksik, at episyenteng pagtuturo ng mahihirap na konsepto. Ang negatibong epekto naman ay katamaran ng mag-aaral, sobrang pagdepende sa teknolohiya, at paglabag sa integridad akademiko. Natagpuan din ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng AI at ng pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng guro. Batay sa resulta, nagmungkahi ang pag-aaral ng isang polisiya para sa etikal at responsableng paggamit ng AI sa batayang edukasyon.

Mga Susing Salita: *Artipisyal na Katalinuhan, AI, akademikong pagganap, asignaturang Filipino, pampublikong paaralang sekondarya, Albay, Pilipinas, ChatGPT*

INTRODUKSYON

Artipisyal na Katalinuhan (Artificial Intelligence o AI). Isang tekniolohiya na nagagamit ng mga tao sa iba't-ibang larangan tulad ng pag-aaral, paglutas ng problema at paggawa ng desisyon, isang makinarya na binuo para mas mapabilis ang mga gawain. Ito ay isang sistema na pinapagana ng computer na may kakahayang mag-isip na tulad ng isang tao. Sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya, kasabay nito ang patuloy na pag-unlad ng Artificial Intelligence na may malaking papel na ginagampanan sa larangan ng linggwistika at komunikasyon. Ang AI ay isang malaking bahagi ng makabagong agham pang kompyuter na may layuning bumuo ng mga sistemang may kakayahang gayahin ang katalinuhan ng tao (Russel & Norvig, 2020).

Ang Artificial Intelligence (AI) ay nakasalalay sa mga pandaigdigang prinsipyo, etikal na pamantayan at teknikal na standards na binuo ng mga organisasyon, gobyerno at akademikong institusyon upang matiyak na ang teknolohiya ay ligtas, patas at kapaki-pakinabang sa sangkatauhan. Ilan sa mga pangunahing internasyonal na batayan ng AI ay ang UNESCO Recommendation on the Ethics of AI (2021). Ito ang unang pandaigdigang pamantayan na pinagtibay ng 193 miyembrong estado. Nakatuon ito sa

pagprotekta sa karapatang pantao, dignidad at pagtataguyod ng “AI for all”. Nariyan din ang OECD AI Principles. Ito rin ang kauna-unahang intergovernmental standard para sa mapagkakatiwalaang AI. Nakapokus ito sa pagpapaunlad ng AI na responsible, transparent at may pananagutan. Kabilang din ang Council of Europe Framework Convention on AI (2024). Isang internasyonal na kasunod na nilagdaan ng EU, US at iba pang bansa upang matiyak na ang AI ay sumusunod sa mga prinsipyo ng demokrasya, rule of law at human rights. Bilang karagdagan ay nariyan din ang ISO/IEC Standards. Ang International Organization for Standardization (ISO) at International Electrotechnical Commission (IEC) ay bumuo ng mga pamantayan para sa pamamahala ng panganib (risk management) halimbawa ISO/IEC 23894 upang matiyak ang kalidad at kaligtasan ng mga algorithm. Interoperability. Layunin naman ng pamantayang ito na matiyak na ang mga AI system mula sa iba’t-ibang bansa ay maaaring magtulungan at magpalitan ng data ng maayos.

Gayunpaman ang paggamit ng AI ay ginagabayan ng iba’t-ibang umiiral na mga batas, polisiya at mga panukalang batas na naglalayong tiyakin ang etikal at ligtas na paggamit nito. Ito ay punatunayan ng isa sa mga legal na basehan at mga kaugnay na regulasyon sa paggamit ng AI sa Pilipinas ay ang Republic Act No. 11927 (Philippine Digital Workforce Competitiveness Act) na kung saan kinilala ng batas na ito ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya gaya ng AI at layunin nito na ihanda ang mga manggagawang Pilipino sa pamamagitan ng digital skills at competencies. Ito rin ay ma-spinalakas pa sa pamamagitan ng Republic Act No. 10173 (Data Privacy Act of 2012) na kung saan ito ay pangunahing batas na sumasaklaw sa AI na gumagamit ng personal na impormasyon. Kailangang sumunod sa privacy-by-design at kumuha ng pahintulot (consent) kung ang AI system ay nagpoproseso ng personal, pinansyal o sensitibong datos.

Ayon naman sa DepEd Order No. 003, s. 2006, nagtatag ng mga pundasyong gabay sa paggamit ng AI sa edukasyon. binibigyang diin dito ang transparency, etika, data privacy at ang paggamit ng AI bilang auxiliary tool lamang at hindi kapalit ng guro.

Ito ay isang pangkalahatang termino na sumasaklaw sa iba’t-ibang mga teknolohiya kabilang ang Machine Learning, Deep Learning at Natural Language Processing (NLP) (Coursera, 2023). Sa pamamagitan ng Artificial Intelligence (AI), nagkaroon ng malawakang pagbabago sa paraan ng paggamit ng wika mula sa tradisyunal na pagsulat at pakikipagkomunikasyon hanggang sa machine translation, speech recognition at text generation. Ang mga mag-aaral ay may access na ngayon sa isang kontemporaryong mapagkukunan ng kaalaman.

Ayon kay (Deano, 2021) Pinadali ng modernong panahon ang pagsasaliksik at pagkuha ng impormasyon, at ginawang posible ito ng Chat GPT. Sa halip na maghanap sa mga aklat o magbasa ng higit pa, maaaring i-type ng mga user ang kanilang mga tanong sa Chat GPT at makukuha ang agarang tugon.

Nabanggit nina Radford et.al (2019), sinuri nila ang kakayahan ng Artificial Intelligence (AI) sa pagbuo ng contextually relevant at coherent conversations. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang Artificial Intelligence (AI) ay malawakang ginagamit sa chatbots at automated customer service system. Ang Artificial Intelligence (AI) ay tinutukoy bilang mga computer system na may kakayahang gumawa ng mga komplikadong Gawain na sa kasaysayan ay tanging tao lang ang makagagawa. Ang AI ay isang pangkalahatang termino na sumasaklaw sa iba’t-ibang mga teknolohiya kabilang ang machine learning, deep learning at natural language processing (NLP) (Coursera, 2023).

Ang terminong Artificial Intelligence (AI) ay madalas ginagamit sa proyekto ng pagdevelop ng mga system na may kakayahang mag-isip, matuklasan ang kahulugan, mag-generalize o matuto mula sa mga nakaraang karanasan (Britannica, 2022). Ilang mga tao na ang nag-angkin na ang karamihan sa teknolohiya na ginagamit sa totoong mundo ngayon ay talagang napakalawak na machine learning na sa

isang unang hakbang patungo sa artificial intelligence o General Artificial Intelligence (GAI) (Corsera, 2022). Kapag ginagamit ng karamihan ng mga tao ang terminong AI ngayon, tinutukoy nila ang isang hanay ng mga teknolohiyang pinapagana ng machine learning tulad ng

chat GPT o computer vision na nagbibigay ng kakayahan sa mga makina na gumawa ng mga gawain na dati ay tanging mga tao lang ang ang makakagawa tulad ng paglikha ng nakasulat na nilalaman, pagmamaneho ng isang kotseo pagsusuri ng datos.

Ang mga aplikasyon ng Artificial Intelligence (AI) sa edukasyon ay tumataas at nakatanggap ng maraming atensyon sa nakalipas na ilang taon. Ang AI at adaptive learning technologies ay kitang kitang itinatampok bilang mahalagang mga pag-unlad sa teknolohiyang pang-edukasyon. Ayon sa ulat, inaasahan ng mga eksperto na lalago ng 43% ang AI sa edukasyon sa panahon ng 2018-2022 bagamat hinuhulaan ng Horizon Report 2019 Higher Education (Educause,2019) na ang mga AI application na nauugnay sa pagtuturo at pag-aaral ay inaasahang lalago pa.


Ang Chat GPT bilang halimbawa ng Artificial Intelligence ay inilunsad noong Nobyembre 30, 2022. Itinatag ito ng isang grupo ng mga negosyante at mananaliksik kabilang sina Eion Musk at Sam Altman noong 2015. Ang Open AI ay sinusupportahan ng ilang mamumuhunan, kung saan ang Microsoft ang pinaka-kilalang pansin na ginawa rin ng Open AI na si Dall-E, isang Ai text-to-art generator. Napakabago ng AI dahil inilunsad ito noong Nobyembre at maraming tao ang tumulong para mabuo ito. Ang mga developer nito ay ang mga kilalang tao sa larangan ng teknolohiya.

Batay sa pag-aaral ni (Gonzales ,2022) ang Artificial Intelligence (AI) ay katulad ng mga awtomatikong serbisyo ng chat na matatagpuan sa mga website ng serbisyo costumer dahil maaaring tanungin ito ng mga tao o humiling ng paglililaw sa mga sagot. Ang Artificial Intelligence ay sinamay na may pagpapatibay ng pag-aaral sa pamamagitan ng modelo ng feedback ng tao at gantimpala na ranggo ang pinakamahusay na mga tugon. Ang feedback na ito ang tumutulong sa Artificial Intelligence (AI) sa pag-aaral ng makina upang mapabuti ang tugon sa hinaharap.

Sinabi naman ni (Kampas, 2022) na gumagana ang Artificial Intelligence (AI) sa pamamagitan ng generative pre-trained transformer nito. Gumamit ang mga dalubhasa ng algorithm upang makahanap ng mga pattern sa loob ng mga pagkakasunod-sunod na data. Orihinal na ginagamit ng Chat GPT ang GPT-3, malaking modelo ng wika , isang neutral network machine learning na modelo at ang ikatlong henerasyon ng generative pre-trained transformer. Ayon naman kay (Ingewizard, 2023) ang Artificial Intelligence (AI) ay isang uri ng tool na nagbibigay daan sa mga gumagamit na magpasok ng mga prompt para makatanggap ng mga larawan, teksto o video na katulad ng tao na nalikha ng AI. Ang Artificial Intelligence (AI) ay napakataas na teknolohiya dahil may kakayahan itong makipag-usap sa tao gamit ang boses, larawan, teksto o video na katulad ng tao na nilikha ng AI kaya napapadali ang pagsagot sa ating mga tanong.

Ang Chat GPT ay isang malalaking modelo ng wika na nilikha ng Open AI (Lund & Wang, 2023, Mhlanga, 2023, Pavlik, 2023). Ang GPT ay pinaikli para s Generative Pre-Trained Transformer na tumutukoy sa kanyang istruktura. Ang Artificial Intelligence (AI) ay may malawak na bokabularyo at kayang magluwal ng teksto at kamukha ng gawaing tao sa iba't-ibang mga paksa, kaya't ito ay isang makapangyarihang instrument para sa pag-aaral ng wika at pagtuturo (Cotton, et.al,2023,Shen et.al,2023, Shahrir & Hayawi, 2023).

Ang Artificial Intelligence (AI) ay maaaring maging isang mahalagang mapagkukunan sa mas mataas na edukasyon uypang mapabuti ang pagsusulat, sapagkat ito'y kayang mag generate ng mga teksto at magbuod ng impormasyon at gumawa ng balangkas upang makatipid sa oras at mapabuti ang kalidad ng



trabaho. Bukod dito, ito ay may kakayahan ding makilala ang mga error sa grammar at estilo, na nagpapadali sa pagkakaunawa sa mga sinulat (Atlas, 2023)

Ang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) at iba pang AI research assistant ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng karagdagang pagsisiyasat at talakayan. Ayon sa isang pag-aaral, ang paggamit ng mga Artificial Intelligence (AI) sa mga setting ng akademiko ay maaring malagay sa panganib ang katapatan at inrtegridad ng gawaing akademiko (Guzman, 2022). Kabilang dito ang panganib ng paggamit ng teknolohiya upang lumikha ng hindi orihinal na nalalaman, na nagkakaroon ng epekto sa kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral.

Samantala, ang mga mag-aaral ay makakakuha ng mga impormasyon at ideya galing sa Artificial Intelligence (AI) (Reyes, 2021). Gayunpaman, hindi nito maaaring gawin ang papel ng aktwal na pag-aaral at pag-unawa sa mga konepto. Kabilang sa mga karagdagang mahalagang salik na maaaring hindi ganap na saklawin ng isang Artificial Intelligence(AI) assistant ang pag-unawa sa kultura at konteksto. Sa karagdagan, ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang mga kasanayan sa pagsasaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at mapagkukunan hinggil sa isang partikular na paksa, pag suggest ng mga hindi pa natutuklasang aspeto at pagtuturo sa kanila ng mga bagong paksa sa pananaliksik na nagbibigay daan ng mas mabuting pag-unawa at pag-aaral ng paksa (Kasneci et.al, 2023). Sinabi ni (Kung et.al, 2023) ito ay makatutulong sa edukasyong medikal at klinikal na pagdedesiyon sapagkat ito ay naglalabas ng mga tumpak na sagot sa mga pagsusulit sa lisensyang medikal. Sinabi rin ni (Rudolph et.al, 2023) na ang Artificial Intelligence (AI) ay may kakayahang magpromote ng usapan na katulad ng sa mga tao ang kahusayan nito at ang pagiging cost-effective nito dahil hindi mangangailangan ng tao.

Sa larangan ng edukasyon, nakilala ang kakayahan ng Artificial Intelligence (AI) sa kakayahan nitong bumuo ng pira-pirasong impormasyon o naitalang kaalaman na makapagbibigay ng mabilis na sagot at tumugon sa mga katanungan ng consumer. Isa sa pinakakilalang nagagawa ng Artificial Intelligence (AI) ay ang pagsasalin ng iba't-ibang wika na nakatutulong sa lahat ng walang bias.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpalabas ng pangunahing kautusan tungkol sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) na napapaloob sa DepEd Order No.003, s.2006 na pinamagatang “Foundational Guidelines on Artificial Intelligence (AI) in Basic Education”. Layunin ng kautusang ito na magtakda ng mga panuntunan para sa responsable at etikal na paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa pagtuturo, pagkatuto at pamamahala ng mga paaralan. Sa halip na ipagbawal, ay layunin ng DepEd na ituro ang tamang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pag-aaral tulad ng calculator o aklatan. Binibigyang diin din na ang Artificial Intelligence (AI) ay pantulong lamang at hindi dapat pumalit sa mga guro. Dapat manatili ang kontrol ng mga tao sa mga mahahalagang desisyong akademiko. Maaaring gamitin ang Artificial Intelligence (AI) sa pagbuop ng lesson plans, pagsusulit at mga kagamitang pampagtuturo. Bahagi nito ang mga inisyatibo gaya ng Poject SALIKSEEK (Generative AI) at Project TALINO. Ang kagawian ng mga kabataan sa ngayon ay naiiba na dahil sa mga makabagong teknolohiya katulad ng Artificial Intelligence (AI). Nag-iiba na rin ang kanilang paraan ng pagkalap ng mga datos at impormasyon.

Dahil sa paglaganap ng mga ito, maraming mga mag-aaral ang nagiging tamad gumawa ng kanilang mga takdang aralin. Umaasa na lang sila sa pagkuha ng mga datos sa Artificial Intelligence (AI) kung gagawa ng mga sanaysay at iba pa. Hindi na sila natututong gumawa ng sariling paliwanag at gumawa ng sarili nilang akda. Kung magpapatuloy ang gawaing ito, maraming mga mag-aaral ang walang matututuhan. Naniniwala ang mananaliksik na kung malalaman ang epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay mabibigyan din ng karampatang solusyon ang anumang suliraning ito upang mas lalong maging maganda ang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) ng mga mag-

aaral sa akademikong aspeto lalo na sa asignaturang Filipino sa mga mag-aaral sa mga Pamublikong Paaralang Sekondarya sa Lalawigan ng Albay. Ang pag-aaral rin ng Artificial Intelligence(AI) ay naglalayongpabilisin ang United Nations Sustainable Development Goals (SDG's) sa pamamagitan ng paggamit ng data analytics para sa climate change, edukasyon, kalusugan at pagbawas ng kahirapan. Kalidad ng Edukasyon (SDG 4) , personalized learning systems para sa mga mag-aaral at tulong sa mga guro upang masubaybayan ang pag-unlad ng klase. Climate Action (SDG 13), pagsubaybay sa carbon emissions, pagtataya ng natural disasters at pag monitor sa deforestation. Good Health and Well Being ((SDG 3), maagang pagtuklas ng mga sakit at mahusay na pamamahala ng data ng mga pasyente.Decent Work and Economic Growth (SDG 8), paglikha ng bagong digital jobs at pagtaas ng produktibidad sa negosyo. Reduced Inequalities (SDG 10), paggamit ng AI sa pag mapa ng kahirapanupang mas matutukan ng gobyerno ang mga nangangailangan. Malaki ang kontribusyon ng pag-aaral na ito sa maraming larangan lalo na sa pag-aaral at edukasyon na magpapabago sa paraan ng pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral at gawaing pagtuturo ng mga guro ngunit wag kalilimutan na ang Artificial Intelligence (AI) ay gamitin lamang bilang pantulong at hindi bilang kapalit sa sariling kakayahan ng mga mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Natukoy ang uri ng ng Artificial Intellegence (AI) na ginagamit ng mag-aaral sa antas 9 at 10 sa asignaturang Filipino
2. Nalaman ang positibo at negatibong epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa kakayahan ng akademikong pagganap ng mga:
 - a.Mag-aaral
 - b.Guro
3. Naibigay ng Kahalagahan at Signipikong relasyon ng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga:
 - a.Mag-aaral
 - b.Guro
4. Nakagawa ng polisiya para sa tamang paggamit ng Artificial Intellegence (AI).

METODOLOHIYA

Sa kabanatang ito inilahad ang mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik, paglalarawan ng mga respondent, teknik, instrumento, paraan ng pagsasagawa at istatistikang ginamit sa pagsusuri ng epekto ng Artificial Intellegence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Lalawigan ng Albay.

Table 1

Mga Paaralang Pinagkunan ng Datos

Daraga National High School	175
Camalig National High School	155

Bonga National High School	120
Kabuuan	450

Sa Talahanayan 1 makikita ang mga paaralang respondente at ang bilang ng mga kalahok. Makikita na ang mga sekondaryang paaralan mula sa lalawigan ng Albay na kalahok sa pag-aaral ay ang Pambansang Mataas na Paaralan ng Daraga na may isang daan at pitumpit limang respondente (175), Pambansang Mataas na Paaralan ng Camalig na may isang daan limampung limang respondente (155) at Pambansang Mataas na Paaralan ng Bonga na may isang daan at dalawampung (120) respondente. Ang respondente sa mga nabanggit na pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay ay may kabuuang apat na raan limampung (450).


Disenyo ng Pananaliksik

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay cross-sectional na ayon kay Skinner (2000) ay pinag-aaralan ang maraming pangkat ng mga tao upang malaman ang pangkalahatang kalakaran sa isang tiyak na panahon. Gagamit ng palarawang pagsusuri o descriptive method sa pag-alam sa epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Ayon kay Sevilla (2000), sa paraang ito makahahapan ng impormasyon tungkol sa kasalukuyang kalagayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng interpretasyon, kahulugan o kahalagahan ng inilalarawan.

Ang mga respondent sa pag-aaral na ito ay ang apat na raan at limampung (450) mag-aaral mula baitang 9 at baitang 10 sa malalaking pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay kabilang ang Daraga National High School, na may bilang na (90) siyamnapo mula sa Baitang 10 at (85) at Walomput lima mula sa Baitang 9, na may kabuuang bilang na (175) Sanraan at Pitomput lima. Camalig National High School na may (75) Pitomput lima mula sa baitang 9 at (80) walumpo naman mula sa Baitang 10 na may kabuuang bilang na (155) Isanraan Limampung lima at Bonga National High School. na may (70) pitompu mula sa baitang 10 at (50) limampung mula sa baitang 9 na may kabuuang bilang na Isanraan dalwampung (120) at Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling na dito ay nakasaad na “The total number of respondents in every school is proportional to the size of the stratum of the students”. Kaya ang magiging bilang ng mga mag-aaral na respondents sa bawat paaralan ay magkakaiba dahil ito ay nakabatay sa bilang ng kabuuang mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa mga nabanggit na paaralan.

Maliban sa mga mag-aaral sa malalaking paaralan sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay ay respondent din sa pananaliksik ang 19 (labing siyam) na guro sa mga nasabing malalaking paaralan sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Sila ang sasagot sa katanungan tungkol sa pananaw ng mga guro sa epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang pag-aaral na ito, Isang Pagsusuri sa Epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 at Baitang 10 sa Asignaturang Filipino sa mga Pampublikong Paaralang Sekondarya sa Lalawigan ng Albay ay natamo sa pamamagitan ng pamumudmod ng mga talatanungan at tseklist sa mga respondent na mag-aaral at mga guro mula sa Daraga National High School, Camalig National High School at Bonga National High School. Ang mga nakalap na datos ay binigyan ng



analisis at interpretasyon ng mananaliksik at sinuri ang epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baiting 9 at baiting 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Ginamit ng mananaliksik ang tatlong talatanungan upang sagutan ng mga respondent. Mga mag-aaral ang sasagot sa una at ikalawang talatanungan tungkol sa mga uri ng artificial intelligence na ginagamit ng mga mag-aaral sa baiting 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino at epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at mga guro at mag-aaral ang naman ang sasagot sa talatanungan tungkol sa mga positibo at negatibong epekto ng artificial intelligence at ang kahalagahan ng signipikong relasyom ng paggamit ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at guro.

Dumaan sa proseso ang ginawang pananaliksik upang malaman ang mga bagay na may kinalaman sa kasalukuyang pag-aaral. Gumawa ang mananaliksik ng mga hakbang upang makalikom ng mga kinakailangang datos sa kanyang pag-aaral.

Nagsagawa ang kasalukuyang mananaliksik ng malawakang paghahanap ng kaugnay na literature at kaugnay na pag-aaral tungkol sa kanyang suliranin. Ang nakalap na datos ay galing sa mga aklat, tesis, disertasyon, dyornal at iba pang babasahin ay sinala upang ilapat at iangkop ito sa kasalukuyang suliranin.

Gumawa ang mananaliksik ng talatanungan na ipamumudmud at pasasagutan sa mga respondent. Ang mga ginawang talatanungan at tseklis ay iniharap at ipinasuri mula sa kanyang tagapayo gayundin sa mga juror na mga mag-aaral sa kursong Master sa Filipino sa Paaralang Gradwado sa Bicol College Inc. Nabago ang tseklis at mga talatanungan ayon sa puna at mungkahi ng mga juror at tagapayo. Gumawa ng liham pahintulot/rekomendasyon na nabatid ng Dekano ng Paaralang Gradwado sa Bicol College Inc. at pinagtibay ng punongguro upang maisagawa ang pananaliksik at pinasagutan sa mga respondent na mag-aaral at guro ang ginawang mga talatanungan at tseklis. Upang lubusang mapakinis ang ginawang talatanungan para sa mga mag-aaral at gurong respondent, nagsagawa ang try-out nito sa Mataas na Paaralan ng Daraga, Sangay ng Albay. Ang sipi ng tseklis at talatanungan ay aktwal; na pinasagutan sa sampung guro at sampung mag-aaral mula sa baitang 9 at baitang 10 upang mataya kung ito ay malinaw at lubusang nauunawaan. Nagkaroon ng konting rebisyon ang talatanungan at tseklis at pagkatapos ay saka pa lamang inihanda ang pinal na sipi at ipinamudmud sa mga guro at mag-aaral na kasangkot sa pag-aaral.

Pagkatapos mapagtibay ang kahilingang pahintulot ng mananaliksik sa Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Sangay ng Albay ay gumawa ng isang liham ang mananaliksik para sa mga pinuno ng paaralan upang isagawa ang pamumudmud ng mga talatanungan at tseklis sa mga respondent. Personal na ipinamudmud ng mananaliksik ang mga talatanungan dahil kahit maaari naman siyang gumamit ng google form ay mas pinipili niya ang face to face na pamumudmud nito. Pagkatapos sagutan ng mga respondent at kinolekta ito ng personal ng mananaliksik sa bawat paaralang respondent at 100% ng talatanungan at tseklis ay nakabalik sa mananaliksik.

Matapos na rebisahin ang mga talatanungan at tseklis ay pinasagutan na ito sa apat na raang (450) mag-aaral at mga guro mula sa Daraga National High School, Camalig Natonal High School, Bonga National High School. Nang makuha ang mga datos, ito ay sinuri at nalaman ang kinakailangang impormasyon na sumagot sa suliranin ng kasakuluyang pag-aaral. Batay sa mga nalikom na mga datos ay naghanda ang mananaliksik ng talahanayan at ginamit sa pagbibigay ng halaga sa mga datos.

Istatistikang Ginamit

Upang mabigyan ng linaw at maging tiyak ang kasagutan, ginamit sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: Ginamit ang pagbilang sa pananaliksik na ito upang malaman ang kabuuang bilang ng mga kasagutan sa ginawang talatanungan tungkol sa mga aytem na nakalatag sa tatlong uri ng talatanungan.

Ito ay ginamit upang matukoy ang pagkakasunod-isunod ng mga indikatoryon ayon sa sagot ng mga respondent sa ipinamudmud na talatanungan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino at sa mga mag-aaral na may asignaturang Filipino sa mga Pampublikong Paaralang Sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Nasuri ang mga natamong sagot ng mga mag-aaral at mga gurong kalahok sa pag-aaral na bilang ng mga kasagutan sa tseklist at talatanungan kaugnay sa mga suliraning nais masagot ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Weighted Mean. Ginamit upang matiyak ang epekto ng Artificial Intelligence(AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Ang pormula sa pagkuha ng weighted mean:

$$WX = \frac{\sum Fx}{N}$$

na ang WX= Weighted Mean

\sum = Kabuuan

f = bilang ng sumagot sa bawat aytem

X = halaga o bigat ng bawat aytem


N = bilang ng respondent

Likert Scale. Ang Likert Scale ay nakabatay sa mga pagpapalagay na ang mga pahayag o aytem ay may katumbas na saloobin o pagpapahalaga na masasalamang sa mga saloobin hinggil sa paksang pinag-usapan (Kumar, 2000). Dagdag pa ni Pagoso et.al (2021), ito ay isang paraang ginagamit sa panlipunang pananaliksik. Ang pagbubuo nito ay may kaugnayan sa tiyak na saloobin at ang bagay na binibigyan ng pansin o puna ay umaabot mula sa pinaka mabuti hanggang sa hindi kanais-nais.

Narito ang Likert Scale na gagamitin sa pagsusuri sa epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Table 2

Iskala	Marka	Palarawang Antas
4	3.01-4.00	Labis na Nakaaapekto
3	2.50-3.00	Nakaaapekto
2	2.01-2.49	Di-Gaanong Nakaaapekto
1	1.00-2.00	Walang Epekto



Mga Kaugnay na Literatura at Pag-Aaral

Sa kabanatang ito inilahad ang mga literatura at pag-aaral na isinagawa na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa epekto ng Artificial Intelligence(AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baiting 9 at baiting 10 sa asignaturang Filipino sa mga paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Kalakip din nito ang Lagom ng Sining, Gap, Balangkas Teoretikal at Balangkas Konseptwal.

Sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya, iba na ang mga kabataan sa ngayon. Pihikan na sila at kritikal na rin mag-isip. Sariwa na nag kanilang mga ideya di tulad ng mga mag-aaral noong unang panahon na tradisyunal mag-isip. Maraming mga pagbabago ang nagaganap sa araw-araw sa loob at labas ng paaralan di lang sa loob ng ating bansa kundi maging sa labas ng bansa, mula sa makabagong kagamitan upang mapadali ang paggawang mga bagay upang magkaroon ng satisfaksyon ang mga tao. Dahil sa teknolohiya napalawak ang mga ito. Ang edukasyon ay isa sa mga sanhi ng maraming pagbabago sa daigdig. Ngunit isa rin sa pagbabago ng kalidad ng edukasyon na dapat matamo ng mga kabataan ay ang pagkakaroon ng tinatawag na artificial intelligence o AI.

Sinabi ni Kakuzo Okakura sa aklat ni Orbita (2022) na” ang sining ng buhay ay nakasalalay sa walang tigil na pakikisabay natin sa ating paligid”. Sa kadahilanang ang mga mag-aaral ang sentro ng pagtuturo at pagkatuto, ang bagong sistema ng edukasyon ay kailangang iangkop ang metodolohiya at dulong sa napapanahong uri ng mga mag-aaral na malaki ang impluwensya ng makabagong teknolohiya.


Mula sa pahayag ni Belvez banggit sa aklat ni Orbita (2022), ang mga guro ay kinakailangang gumamit ng teknolohiya at media sa loob ng klasrum nang sa gayon ang mga mag-aaral ay maging aktibo at interesado, masigasig, nakikinig at nakikisali sa anumang talakayan. Isang kagamitan ang teknolohiya na higit na makakahikayat sa mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang pinag-aaralan. Makagagaan din sa mga guro ang paggamit ng teknolohiya na siyang magiging sandalan ng bawat isa pang higit na mapagtagumpayan ang mga araling nais na matiklasan at malaman. Sa makabagong mukha ng pag-aaral nakasalalay na ang paggamit ng mga makabagong kagamitan dahil iba na ang interes ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon madaling mabagot ang mga mag-aaral kung mabagal ang pag asenso ng kanilang kapaligiran at hindi nila masabayan ito.

Ang mabilis na pag-usbong ng teknolohiya, particular ng Artificial Intelligence ay nagdulot ng makabuluhang pagbabago sa larangan ng edukasyon. Ayon sa www.google.com ang AI ay may kakayahang magbigay ng intelehenteng sistema na katulad ng pag-iisip ng tao na maaari nang gamitin sa pagsusulat, pagsasalang wika at pagsusuri ng teksto. Sa pagtuturo ng Filipino ay maaaring makatulong sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral at guro.

Sa isang modyul na ginamit ni Habijan banggit sa aklat ni Tuscano (2021) sa paksang Ginagampanang Papel ng Teknolohiya sa K to 12 Kurikulum na may layuning

makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaugnay nito, layunin sa pagtuturo sa Filipino sa tulong ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat, panood at pagpapahalagang ang nilininang dahil sa kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring pag-iisip, pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang paghubog ng ika-21 siglong mga mag-aaral na taglay ang mga kakayahang umunawa ng impormasyon, media at teknolohiya at umunawa at magmungkahi ng mga inobasyon at pagbabago, kakayahang makipagtalastasan.

Sa isang panayam na ginawa ni Gutierrez banggit sa aklat ni Fernandez (2021) kanyang ipinahayag na kinakailangan ng umpisahan na dapat ibatay sa mas bago at magandang kaparaanan. Dito ay



kinakailangang bigyang ng oportunidad ang mga mag-aaral na mahubog sa kanila ang kakayahang angkop sa ika-21 siglo. Kailangan pataasin at pagtuunan ng pansin ang mga Gawain at pataasin ang kagalingan ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan sa larangan ng mga kakailanganing kakayahan sa kanilang paggawa gaya ng maayos na pakikipagtalastasan sa paraang pasulat o pasalita man at higit na paganahin ang kritikal na pag-iisip, fleksibilidad, paglutas ng mga suliranin, pagkamalikhain at kagalingan sa teknolohiya upang mapagtagumpayan ang paghahanda tungo sa pagtatrabaho at pagkatutong pangkabuhayan ng mga kabataan na siyang magtataguyod sa hinaharap.

Ayon kay Luis sa aklat ni Roncesvalles (2022) na inilathala sa Philippine Journal, ipinahayag niya na ang mga tipikal na guro sa kasalukuyan ay bukas na sa pangunahing pagbabagong hatid ng pagsasanay at muling pagsasanay. Datapwat marahil sapat man ang kanilang pang akademikong kaalaman maging ang personal na katangian ngunit hindi ito ang nagging batayan sa tagumpay ng pagtuturo kung kulang ang kaalaman at kahandaan ng gurop sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na gamit ang makabagong teknolohiya sa pagtuturo gaya ng artificial intelligence.

Mula naman sa Journal, ipinahayag ni Pado sa aklat ni Tuscano (2021) na ang kagalingan ng isang tao sa panahon ng modernong pagtuturo ay nakasalalay sa pagbabago dahil dito makikita ang opermans tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kailangang sanayin din ang mga guro na hindi lamang naka focus sa nilalaman ang mga itinuturo kundi sa pamamaraan kung paano tatayain ang performans ng isang mag-aaral kaya ginagamitan ng teknolohiya upang higit na mabigyang pansin ang paksang tinatalakay.

Ayon sa artikulong nilikha ni Doe & Smith (2021) na tungkol sa pagsusuri ng kasalukuyang aplikasyon ng mga AI sa larangan ng edukasyon at sa literature, nilinaw kung paano ang mga tool ng AI tuald ng automated essay scoring, intelligent tutoring systems at digital literacy analysis platforms ay maaaring mapabuti ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan. Sinasabing may potensyal ang AI na baguhin ang edukasyon sa literatura sa pamamagitan ng pagbibigay ng personalisadong feedback at pagpapalakas ng critical thinking skills.

Ayon kina Jia, X. H, & Tu J-C (2024) sa gitna ng epekto ng pandemya ng COVID-19 ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay hinaharap ang ibat-ibang hamon na maaaring negatibong makaaapekto sa kanilang kakayahan sa kritikal nap ag-iisip dahil sa pagka antala sa edukasyon, pagtaas ng stress at pag-aalala, mas kaunting pakikipag interaksyon sa lipunan at ang pag-usbong ng distansyang pag-aaral na mas umaasa sa mga digital na kagamitan. Sa patuloy na pag-integrate ng teknolohiyang AI sa ibat-ibang sector, ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon ay gumagamit ng ibat-ibang kakayahan ng AI para sa intelligent campuses at modernisadong pagtuturo.

Gayunpaman, hindi pa malinaw kung paano lubusang magagamit ang mga kakayahan ng AI upang hikayatin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kritikal nap ag iisip sa epekto ng pag-aaral dahil ang kritikal nap ag-iisip ay isang mahalagang kasanayan na may malalim na implikasyon sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagsisimula ng Artificial Intelligence sa larangan ng edukasyon ay nagdudulot ng pangunahing pagbabago sa mga pamamaraan ng pagtuturo at praktika sa edukasyon na kasalukuyang ginagamit.

Ayon kina Smith & Jones (2021) na nagsagawa ng pananaliksik na sumusuri sa epekto ng mga aplikasyon ng pag-aaral ng wika batay sa AI tulad ng chatbots at mga app sa pag-aaral ng wika, sa kasanayan sa wika at kabuuang tagumpay akademiko ng mga mag-aaral. Kasama sa pag-aaral ang isang controlled experiment na may dalawang grupo ng mga mag-aaral, ang isa ay gumagamit ng mga tool na batay sa AI ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga tool na gumagamit ng AI ay nagpapakita ng malaking pagpapabuti sa kanilang kasanayan sa wika kabilang ang bokabularyo, grammar at pagbigkas.



Ayon din kay Martinez (2021), ang mga tool na batay sa AI na ito ay nagpapataas ng kagyat na motibasyon, pakikilahok at tagumpay akademiko ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga karanasan sa kanilang pag-aaral. Ayon sa isang pag-aaral na ginawa ni EduBirdie (2023), ang AI ay may malaking epekto sa proseso ng pag-aaral ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Sa pag-aaral na ito, ang EduBirdie ay nagsagawa ng sarbey sa 1,000 full time at part-time na mag-aaral sa

buong US. Ang mga mag-aaral ay ginamitan ng mga AI powered na mga tool sa kanilang writing assignments, projects, research, idea development at spell at grammar check sa loob ng tatlong linggo.

Sa ibang pag-aaral, ang AI ay ginamit para malaman ang relasyon ng mga mag-aaral sa isang particular na kurso at ang kanilang social backgrounds, previous achievements at academic environments. Ang mga data ay kinolekta at saka prinoseso, nilinis, filtered at normalized at saka kinlasipika gamit ang artificial neural network technique o ANN (Rashid, 2021).

Batay naman sa blog post ng Classpoint noong 2023, ang AI ay nagbibigay ng agad at eksaktong pagsusuri sa performance ng mga mag-aaral, Ang mga AI systems ay nag-aaral ng mga tugon at nagbibigay ng malalim na feedback n amabilis at walang kinikilingan. Ito ay nagbibigay daan para sa mga mag-aaral na matukoyang mga aspeto na kailangan nilang mapabuti at agad na maayos ang mga pagkakamali na may nagpapabilis ng kanilang pagkatuto. Mula naman sa International Journal Research13 (5), 1-13, 2024 ni Andrea P Adigue, mayroong implikasyon ang Artificial Intelligence(AI) sa akademiko, sa konteksto ng pagbabago makikita ang malalaim at rasyunal na maaaring magbigay liwanag sa kahalagahan at layunin nito.

Ayon naman sa Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Zain Publications 4(11), 305-319, 2024, ang Artificial Intelligence (AI) ay nakatutulong sa mga mag-aaral na kinabibilangan ng: napapadali ang mga gawain; mayroong tama at

maling impormasyong naibibigay; nakatutulong sa pagkakaroon ng mataas na marka; at maaaring kausapin sa pamamagitan ng live chat. Ang mga hamon sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) ay kinabibilangan ng : hindi ganap na naiinitidihan kaagad ng AI ang tanong o mga hinihinging kasagutan; dumidepende at umaasa na lamang sa paggamit ng AI; at nakaapekto sa kakayahang magbasa at umunawa. Sa pamamagitan kung paano nalalagpasan/nakakayanan ang mga hamon sa paggamiyt ng artificial intelligence ay mayroong dalawang resulta: paggamit ng tiyak at simpleng mga salita upang makuha ng AI ang buong ideya ng tanong; at paglimita o pag-iwas sa paggamit ng AI. Sa pagpapalakas naman o pagpapatibay naman sa paggamit ng Artificial Intelligence ay may mga pamamaraang inirekomenda: maaaring magpanukala ng mga polisiya sa paggamit ng artipisyal na katalinuhan; at maaaring gamitinn ang AI sa mas malawakang pagkatuto.

Ayon sa Computers Education: Artificial Intelligence (2022), dahil sa pag-unlad ng teknolohiya dahil sa Artificial Intelligence (AI), nagkaroon ng mataas na demand para sa mga manggagawa na may malawak na kaalaman sa AI. Ito ay kailangan sa paghubog sa mga mag-aaral kung paano sila maturuan sa ama at wastong paggamit ng AI. Dahil sa kakulangan ng tinatawag na istandardisasyon sa AI curriculum ng early childhood education sa kadahilanang ang AI curriculum ay naka focus lang sa kindergarten gamit ang apat na component. 1. aims, goals, objectives, or declaration of outcomes 2. Subject matter 3. Methods or procedure 4. evaluation and assessment.

Ayon naman sa isang artikulo ni Alan Turing noong (2021) na may pamagat na Artificial Intelligence Methods in Early Childhood Education, nabanggit niya na ang



teknolohiya sa lareangan ng edukasyon ay isa sa mga mahahalagang aspekto ng modernong edukasyon na nagbibigay ng isang kakaibang karansan sa mga mag-aaral para mas mapaunlad ang kanilang pag-aaral. Isa sa mga kabilang sa teknolohiyang nabanggit ay ang computer na ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo dekada na ang nakalipas ngunit ang integration ng kompyuter sa pagtuturo sa early childhood ay mas bago, mas uso kumpara sa ibang lebel ng edukasyon. Ang katitohanang ito ang naging dahilan kung bakit ang mga kagamitang pampagtuturo na ginagamitan ng mga makabagong metodolohiya para matugunan ang pangangailangan ng mga bata.

Sa isang artikulo naman ni Weipang Yang (2022) na may pamagat na Artificial Intelligence Education for Young Children: Why, What and How Cultural Design and Implementation. Ayon sa kanya ang Artificial Intelligence ay nagbunsod para magkaroon ng isang hamon sa pagtuturo sa tinatawag na Early Childhood Education (ECE). Dito ay nakapaloob kung bakit mahalaga ang AI at bakit angkop siya sa mga bata na nasa murang edad, ano ang mga subset na ideya ng AI na maaaring matutunan ng mga bata at paano gagamitin ng mga mag-aaral ang mga konseptong makukuha nila sa AI para mas maging makabuluhan ang kanilang pag-aaral. Ang ulat na ito mula sa ECE ang naging dahilan para isa alang alang ang pagbuo ng AI Curriculum para sa mga bata.

Sa isang artikulo naman na sinulat ni Randi Williams (2021) na may pamagat na Popbot: Designing an Artificial Intelligence Curriculum for Early Childhood. Dito ay binanggit niya ang tungkol sa PopBots na kung saan ito ay isang tool kit na maaaring gamitin para sa mga hands on na gawain ng mga bata para matutunan nila ang artificial


intelligence gamit ang “building, programming, training at interacting with a social robot”. Sa kasalukuyan, ang mga bata ay nakararanas ng ibat ibang porma ng AI sa pamamagitan ng mga laruan at mga “computationally curated educational and entertainment content”. Ang mga platforms na ito ang nagiging dahilan upang ang mga mag-aaral ay mas madaling magkaroon ng access sa mga artificial intelligence na platforms.

Sa pahayag naman ni Cimini (2025) sa kanyang sinulat na may pamagat na The Use of Artificial Intelligence (AI) in WEarly Childhood Education, ayon sa kanya ang integrasyon ng artificial intelligence sa pagtamo ng mga mag-aaral sa early childhood ay nagbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na ma-develop ang kanilang mga kakayahan sa cognitive, social at emotional development. Ang paksang ito ang naging dahilan para matukoy kung ano ang papel na ginagampanan ng AI sa tinatawag na personalized learning ng mga mag-aaral gamit ang educational robotics, gamified learning at socio-emotional development. Ang pag-aaral na ito ni Cimini ay gumamit ng batayang teoretikal na galling kay Vygotsky Sociocultural Theory, Distributed Cognition at ang Five Big Ideas Framework.

Sa aklat naman na sinulat ni Lim (2024) na may pamagat na Metaphor Analysis on Pre-Service Early Childhood Teachers Conception of AI Education for Young Children, nabanggit sa aklat na ito na ang PEC Teachers o ang tinatawag na Pre-Service Early Childhood Teachers ang nagbigay daan upang makilala ang Artificial Intelligence para sa mga batang mag-aaral gamit ang methapor analysis. Sa pamamagitan ng conceptual metaphore for AI education para sa mga 137 (Isangraan

at tatlumput pitong) mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Early Childhood Education ay mas nabigyan ng tuon ng mga mag-aaral kung ano ang magiging direksyon ng mga mag-aaral gamit ang Artificial Intelligence Education.

Sa isa namang sistematikong rebyu na ginawa ni Crompton at Burke (2023) sa kanilang rebyu na may pamagat na Artificial Intelligence in Higher Education, The State of the Field. Sa pamamagitan ng rebyung ito ay nabigyan ng sistematikong paliwanag at nagkaroon ng up to date na pagsususlit gamit ang



artificial intelligence sa mataas na edukasyon mula 2026-2022. Gamit ang PRISMA principle at protocol ay natuloy ang 138 na artikulo para sa pagsusulit. Lumabas sa pag-aaral na ang ganitong sistema ay isinagawa sa pitong kontinente sa buong mundo at ito ay ginamit din sa US at China na siyang nangunguna na may pinakamaraming bilang ng publikasyon.

Ayon sa isang dyornal na Systematic Review of Research on Artificial Intelligence Applications in Higher Education – Where are the Educators? nina Richter, Marin, Bond at Gouverneur (2022), ang Artificial Intelligence ay in Education (AIED) ay isa sa mga nangunguna sa larangan ng edukasyon at teknolohiya sa loob ng tatlung taon. Malinaw kung paano nakatutulong ang Artificial Intelligence (AI) sa malawakang aspeto sa ugnayan ng pagtuturo pagkatuto sa larangan ng mataas na edukasyon.

Sinabi nina Fernandez, Valenzuela at Lourdes (2022) sa kanilang dyornal na Artificial Intelligence and Its Implications in Higher Education, ay maraming mga hamon pagdating sa impormasyon tungkol sa nagagawa ng Artificial Intelligence sa larangan ng edukasyon.

Sa kanilang ang Artificial Intelligence ay kakikitaan ng napakagandang eketo sap ag unlad ng edukasyon sa lahat ng lebel gay ana lamang ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral ng kwalitattibong pag-unlad dahil sa pagbibigay ng Artificial Intelligence sa mga mag-aaral ng mga tumpak na kaalaman at pagkatuto ayon sa kanilang pangangailangan, nagbibigay din ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral para magkaroon ng ibat ibang interkasyon sa bawat isa gamit ang ibat ibang platform at komunikasyon sa ibang tao. Ang hamon lang sa mga paaralan ay kung paano sila magbibigay at gagawa ng mga disenyo at plano para malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral gamit ang mga digital skills at ang teknolohiya gaya ng artificial intelligence.

Sa pag-aaral ng UNESCO (2024) sa kasalukuyang panahon, napakaraming paaralan, kolehiyo at unibersidad sa buong mundo ang gumagamit ng Artificial Intelligence upang mapabuti ang mga proseso ng pagtuturo at pag-aaral. Ang teknolohiyang ito ang nagbibigay ng mga bagong paraan upang masuri at pag-aralan ang mga konspeto, magbigay tulong sa pagsulat at pagpoprogram at marami pang iba. Hindi rin ito nawawalan ng mga kontrobersya at hamon. Ang mga malalaking model na tuald ng Artificial Intelligence (AI) ay maaaring mas mataas pa sa mga standard na pagsusulit kumpara sa karaniwang mag-aaral na nagtutulak sa sistema ng paaralan na pag-isipan muli ang mga pamantayan sa pagsusuri at nagtatampok ng mga bagong paraan ng pagtuturo at pag-aaral . Ito ay pagbabago sa paraan ng pag-aaral at pagtuturo kung saan ang mga mag-aaral ay itinutok sa anong mga bagay ang kanilang dapat bigyan ng prayoridad. Gayunpaman, bagamat may mga potensyal na benepisyo ang AI sa personalisadong karanasan sa pag-aaral , hindi pa rin tiyak kung paano ito nakaaapekto sa mga bunga ng edukasyon. Ito ay tinatawag na pagbabalanse sa pagitan ng pagiging optimistiko at pagsisilbi ng kritikal. Sa UNESCO, ang paggamit ng AI sa edukasyon ay kilala bilang isang oportunidad para mapaunlad ang mga pagkakataon ng edukasyunal at maitaguyod ang pagkakatay-pantay.

Sinabi ni Donggil (2021) sa kanyang talumpati ay nabanggit niya ang potensyal ang Artificial Intelligence sa mataas na antas ng edukasyon. Ang Artificial Intelligence ay makikita nating ginagamit ng karamihan sa pang araw araw na pamumuhay lalo na sa may mga koneksyon sa internet, may cellphone at sa mga bahay na may mga appliances. Ayon sa kanya, ang Artificial Intelligence ay malaki ang maitutulong para mas mapaunlad ang larangan ng pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral sa mataas na antas (banggit ni Crompton et.al ,2020). Ang Artificial Intelligence ay inilarawan hbilang isang computing system na may kakayahan gaya ng isang tao tulad ng pagkatuto, paggaya, pagwawasto ng mga mali at paggamit ng mga datos para sa mga komplikadong proseso at mga gawain. Ang Artificial Intelligence (AI) ay naitala bilang



isa sa anim na teknolohiya na may mataas na potensyal at malaking epekto sa mataas na antas ng edukasyon.

Sa pag-aaral ni Josh (2024), ang edukasyon, napapadali ng AI ang proseso ng pagtuturo at pag-aaral. Nagbibigay ito ng personalisadong pagtuturo sa mga mag-aaral at nagpapahusay sa kanilang karanasan sa pag-aaral. Ang AI ay nagdudulot din ng pagkakataon para sa mas mataas na antas ng pag-unawa at engagement sa mga aralin.

Para sa mga guro, ang AI ay maaaring maging kasangkapan upang mapabuti ang kanilang paraan ng kaniyang pagtuturo. Maaari itong magbigay ng mga tool at resources na makatutulong sa pagpapalano ng mga lesson at pag-evaluate ng progress ng mga mag-aaral. Ang AI ay maaaring magsilbing katuwang sa pagtuturo ng mga bagong kasanayan at konsepto sa mas epektibong paraan.

Ayon din sa may mga banta sa paggamit ng AI sa edukasyon. Ang posibleng kawalan ng trabaho sa sektor ng edukasyon dahil sa pag-automate ng ilang gawain ay maaaring makaapekto sa mga guro. Ang mga tradisyunal na papel tulad ng pagbibigay ng feedback at personal na pagtuturo ay maaaring mapabawasan ng AI. Isa pa, ang pang-aabuso sa privacy ng mga datos ay isang malaking isyu. Sa paggamit ng AI para sa pagkolekta ng impormasyon, maaaring mabuking ang mga personal na detalye ng mga guro at mag-aaral ng walang pahintulot.

Sa pag-aaral ni Bondoc (2022) ang pag-usad ng teknolohiya, ang Artificial Intelligence ay naging isang mahalagang bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ang AI ay tinatawag na ikatlong antas ng computing, na nagbibigay hindi lamang ng kakayahan sa memorya at komunikasyon kundi pati na rin sa kakayahan ng mga makinarya na mag-isip at umakasyon ng walang anumang derektang tulong ng tao.

Ayon naman kay Aragwal (2020) sa Ulat ng 2018 Horizon (Educause 2018) ang aplikasyon ng Artificial Intelligence sa edukasyon ay tumataas at nakatatanggap ng maraming atensyon sa nakalipas na ilang taon. Ang AI at Adaptive Learning Technologies ay kitang kitang itinatampok bilang mahalagang mga pag-unlad sa

teknolohiyang pang-edukasyon, na may panahon para sa paggamit ng 2 o 3 taon. Ayon sa ulat, inaasahan ng mga eksperto na lalong 43% ang AI sa edukasyon sa panahon ng 2018-2022, bagamat hinuhulaan ng Horizon Report 2019 Higher Education Edition (Educause 2019) na ang mga AI na application na nauugnay sa pagtuturo at pag-aaral ay inaaasahang lalong pa.

Ang Artificial Intelligence (AI) ay maaari ring maging instrumento sa pagtuturo ng mga kasanayang pag-iisip, maging mapanuri, sa komunikasyon, pakikipagtulungan at pagkamalikhain sa pamamagitan ng interaktib at immersive na teknolohiya. Sa tulong nito ay mas mapapalawak ang karunungan at kakayahan ng mga mag-aaral na maaaring magamit sa modernong panahon.

Mayroon ding papel na ginagampanan ang AI sa pag-aaral gaya na lamang ng pagpapalawak sa access nito sa edukasyon. Sa tulong ng nasabing online platform, maaaring mahatiran ng karunungan ang mga mag-aaral na nasa liblib na lugar at hindi gaanong naaabot ng tradisyunal na paraan ng pag-aaral. Maaaring matuto ang mga mag-aaral na malayo lalo na sa panahon ngayon na marami na ding mga paaralan ang nagpapatupap ng online na pamamaraan sa pag-aaral.

Batay sa blogpost ng Classpoint noong 2023, ang AI ay nagbibigay ng agad at ekasktong pagsusuri sa performance ng mga mag-aaral. Ang mga AI systems ay nag-aaral ng mga tugon at nagbibigay ng malalim na feedback na mabilis at walang kinikilingan. Ito ay nagbibigay daa para sa mga mag-aaral na matukoy ang mga aspeto

na kailangan nilang mapabuti at agad na maayos ang mga pagkakamali na nagpapabilis sa kanilang pagkatuto.

Sa artikulo ni Yizhi Ma at Siau (2021) sa kanilang artikulo na may pamagat na Artificial Intelligence Impacts on Higher Education, ayon sa kanila ang Artificial Intelligence ay babaguhin ang mundo at ang mataas na antas ng edukasyon ng walang pinipili. Babaguhin ng Artificial Intelligence ang paraan ng ating pagtatrabaho, paraan ng ating pag-aaral at paraan ng ating pamumuhay. Sa artikulong ito nabanggit ang mga makabuluhang impormasyon para sa mga guro at ang mga detalyadong kaalaman para sa teorya ng akademikong pag-unlad.


Kaugnay na Pag-aaral

Ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay. Ang ginawang pananaliksik ay ibinatay ng kasalukuyang mananaliksik sa mga sumusunod na pag-aaral upang mas lalong mapaunlad at mapahusay ito.

Sa pag-aaral ni Amad (2023) natuklasan na binibigyang diin ang mabuting dulot ng AI at computational sciences sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ito ay nag-uugnay sa pag-angat ng kanilang pananaw sa pag-aaral at kanilang pagganyak partikular sa STEM (Agham, Teknolohiya, Inhenyerya, at Matematika). Ang dalawang pag-aaral ay magkaugnay sapagkat parehong AI ang kanilang pinagtuunan ng pansin. Ang kaibahan lang ay sa tuon o pokus. Ang kasalukuyang mananaliksik ay nagbigay ng tuon sa

epekto ng AI sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 samantalang sa nakaraang pananaliksik ay binigyang pansin ay ang Senior High School partikular na sa mga kumukuha ng STEM. Pareho ring binyan ng pansin ng dalawang pag-aaral ang mga kabutihang dulot ng AI sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay Martinez (2023), ang mga natuklasan sa pagsusuri ng mga datos ay nagpapakita na may malaking epekto ang AI sa pagkawala ng paggawa ng desisyon ng tao at nagiging sanhi ito ng katamaran. Nakaapekto rin ito sa seguridad at privacy. Ayon sa mga natuklasan, 68.9% ng katamaran ng tao, 68.6% sa mga isyu ng privacy at seguridad, at 27.7% naman sa pagkawala ng kakayahang mag desisyon ay dahil sa epekto ng artificial intelligence sa lipunan ng Pakistan at Tsina. Kapag ang teknolohiya ay nagiging kapalit ng mga tao at ang mga estudyante ay naging dependente sa mga sistema, hindi lamang ito magdudulot ng negatibong epekto sa mga pag-uugali sa pag-aaral kundi magiging dependente rin ang mga mag-aaral sa sistema kaysa sa pagtatangka na mag-isa. Maaaring maapektuhan rin ang kanilang kakayahang mangarap dahil sa bawat simpleng problema, sila ay sasangguni sa sistema at dahan dahan silang magiging adik at magiging dependente sa teknolohiya. Ang kasalukuyang pananaliksik ay may kaugnayan sa nabanggit na pananaliksik sa kadahilanang ang binigyan ng pansin sa unang pananaliksik ay tungkol din sa epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa pagkawala ng desisyon ng tao na naging sanhi ng kanilang katamaran. Magkaiba lang sila ng respondents dahil sa kasalukuyang mananaliksik ang respondents ay mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 samantalang sa unang nabanggit na pananaliksik ang binigyan ng pansin ay ang pangkalahatan hindi lang mga mag-aaral. Magkaiba rin ang kanilang sakop dahil ang unang nabanggit ay sa bansang Pakistan at Tsina samantalang ang kasalukuyang pananaliksik ay sa lalawigan ng Albay partikular na sa mga paaaralang sekondarya na nabanggit bilang respondents.



Ayon naman sa pag-aaral ni Repane (2021) mga panteknolohiyang kagamitang pampagtuturo na ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang dalawang pag-aaral ay magkaugnay sapagkat sa unang pag-aaral ay binibigyang tuon ang mga teknolohiya na maaaring gamitin ng mga guro sa kanilang pagtuturo samantalang sa kasalukuyang pag-aaral naman ay binibigyang pansin ay ang artificial intelligence na maaring gamitin hindi lang ng mga mag-aaral kundi pati na rin ng mga guro. Ang dalawang pag-aaral ay magkaugnay sapagkat sa unang pag-aaral ay binigyang tuon ang mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino samantalang sa kasalukuyang pag-aaral naman ay binigyang pansin ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralan sa antas sekondarya sa lalawigan ng Albay. Ang pinagkaiba ay sa elementarya nakatuon ang una at ang kasalukuyang pag-aaral naman ay nakatuon sa baitang 9 at baitang 10 sa mga pampublikong paaralang sekondarya.

Ayon kay Orbita (2023) banggit sa aklat ni Repane, Para sa mga kabataan noon, ang pagbabasa ng mga libro, diksyonaryo, pahayagan at artikulo ang tanging pinagmumulan ng mga impormasyon. Gayunpaman, sa paglipas ng panahon at pagsulong ng kontemporaryong teknolohiya. Ang mundo ay patuloy ng umuunlad at ang mga tao ay nararapat na umangkop. Nalalapat din ito sa teknolohiya at edukasyon sapagkat mas napapadali nito ang ating mga gawain. Dahil nasa ilalim na tayo ng digital natives, ang mga kabataan sa ngayon ay umaasa sa teknolohiya pagdating sa konseptwalisasyon ng edukasyon. Sa paglago ng teknolohiya, sa pagbabagong ito, umusbong ang mga Artificial Intelligence (AI) chatbobots, at isa na rito ang Chat Generative Pre-Trained Transformer o mas kilala bilang Chat GPT. Ang mga mag-aaral ay may access na ngayon sa isang kontemporaryong mapagkukunan ng kaalaman. (Deano, 2021) Pinadali ng modernong panahon ang pagsasaliksik at pagkuha nimpormasyon, at ginawang posible ito ng Chat GPT. Sa halip na maghanap sa mga aklat o magbasa ng higit pa, maaaring i-type ng mga user ang kanilang mga tanong sa Chat GPT at makukuha ang agarang tugon. Ang pag-aaral ni Orbita ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat parehomng asignaturang Filipino ang kanilang binigyan ng pansin. Ang mga mag-aaral din sa baitang 9 at baitang 10 ay kabilang din sa mga millennial na mag-aaral. Ang kaibahan lang ng dalawang pananaliksik, ang una ay tungkol sa epekto ng social media sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga millennial sa lalawigan ng Albay samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ang binigyang pansin bilang respondents ay ang mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay sa nasa baitang 9 at baitang 10.

Ang Chat GPT bilang halimbawa ng Artificial Intelligence ay inilunsad noong Nobyembre 30, 2022. Itinatag ito ng isang grupo ng mga negosyante at mananaliksik kabilang sina Eion Musk at Sam Altman noong 2015. Ang Open AI ay sinusuportahan ng ilang mamumuhunan, kung saan ang Microsoft ang pinaka-kilalang pansin na ginawa rin ng Open AI na si Dall-E, isang Ai text-to-art generator. Napakabago ng AI dahil inilunsad ito noong Nobyembre at maraming tao ang tumulong para mabuo ito. Ang mga developer nito ay ang mga kilalang tao sa larangan ng teknolohiya.

Ayon sa UNESCO (2024), ang Artificial Intelligence ay may kakayahan na solusyunan ang ilan sa mga pinakamalaking suliranin sa edukasyon sa ngayon, magbago ng mga paraan ng pagtuturo at pag-aaral, at pabilisin ang pag abante patungo sa SDG 4. Ngunit ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya ay may dala ring mga panganib at hamon at kadalasang hindi pa nasasaklaw ng mga institusyon. Nakatuon ang UNESCO sa pagsuporta sa mga bansa upang gamitin ang potensya ng AI para maabot ang Edukasyon 2030 Agenda at tiyakin na ang paggamit nito sa mga konteksto ng edukasyon ay nagtataguyod ng prinsipyo. Layunin ng UNESCO na magbigay diin sa pagiging sentro ng tao sa paggamit ng AI. Ito ay para maisama ang papel ng AI sa kasalukuyang pagkawatak -watak ng pag access sa kaalaman, pananaliksik at pagiging mayaman sa iba't-ibang kultura. Mahalaga rin na tiyakin na ang paggamit ng AI ay hindi magdadagdag sa agwat ng teknolohiya sa loob at sa pagitan ng mga bansa. Ang pangako ng "AI para sa lahat" ay dapat na

magbigay ng pagkakataon sa lahat na makilahok sa teknolohikal na rebolusyon at ma access ang mga benepisyo nito lalo na sa pag innovate at pagkakaroon ng kaalaman. Bukod dito, nag develop ang UNESCO ng isang pahayag mula sa ilalim ng Beijing Concensus na naglalayong palakasin ang pagiging handa ng mga tagapagbuo ng patakaran sa edukasyon sa larangan ng Artificial Intelligence. Ang pananaliksik na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat parehong Artificial Intelligence (AI) ang kanilang binigyan ng pansin. Gaya din ng pahayag na binanggit ng UNESCO sa kanilang pag-aaral. Ang kaibahan lang ng pag-aaral ng UNESCO sa pag-aaral ng kasalukuyang mananaliksik ay ang kasalukuyang mananaliksik ay sa Artificial Intelligence (AI) lamang ang pokus samantalang sa pag-aaral ng UNESCO ay binigyan ng pansin ang papel ng Artificial Intelligence (AI) sa pagkawatak watk ng pag access sa kaalaman lalo na ng mga kabataan.

Ayon kay Gonzales (2022) ang AI ay katulad ng mga awtomatikong serbisyo ng chat na matatagpuan sa mga website ng serbisyo costumer dahil maaaring tanungin ito ng mga tao o humiling ng paglililnaw sa mga sagot ng Chat GPT. Ang Chat GPT ay sinamay na may pagpapatibay ng pag-aaral sa pamamagitan ng modelo ng feedback ng tao at gantimpala na ranggo ang pinakamahusay na mga tugon. Ang feedback na ito ang tumutulong sa Chat GPT sa pag-aaral ng makina upang mapabuti ang tugon sa hinaharap. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa kadahilanang ang una ay gumagamit din ang Artificial Intelligence partikular na ang Chat GPT na isa sa mga halimbawa ng AI. Ang pagkakaiba naman ng dalawang pananaliksik, ang una ay niranggo ang mga tugon ng mga respondents na naglalayong malaman kung ano ang pinakamahusay na tugon ng mga respondents samantalang sa ikalawang pag-aaral ay niranggo ang mga Artificial Intelligence ayon sa gamit ng mga respondents at tiningnan kung ano ang mga positibo at negatibong epekto nito.

Sinabi naman ni (Kampas, 2022) na gumagana ang Artificial Intelligence sa pamamagitan ng generative pre-trained transformer nito. Gumamit ang mga dalubhasa ng algorithm upang makahanap ng mga pattern sa loob ng mga pagkakasunod-sunod na data. Orihinal na ginagamit ng Chat GPT ang GPT-3, malaking modelo ng wika , isang neutral network machine learning na modelo at ang ikatlong henerasyon ng generative pre-trained transformer. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat ang Chat GPT na binanggit ng unang mananaliksik ay bahagi ng Artificial Intelligence na siyang pokus ng kasalukuyang pag-aaral. Ang kaibahan lang ng dalwa ay sa unang pananaliksik ay inilahad kung ano ang papel na ginagampanan ng Artificial Intelligence at kung paanop ito nabuo samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ay binigyan ng pansin ang epekto ng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 ng mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Ayon naman kay (Ingewizard, 2023) ang Chat GPT ay isang uri ng tool na nagbibigay daan sa mga gumagamit na magpasok ng mga prompt para makatanggap ng mga larawan, teksto o video na katulad ng tao na nalikha ng AI. Ang Chat GPT ay napakataas na teknolohiya dahil may kakayahan itong makipag-usap sa tao gamit ang boses, larawan, teksto o video na katulad ng tao na nilikha ng AI kaya napapadali ang pagsagot sa ating mga tanong. Ang banggit ni Ingewizard ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat ang Chat GPT ay bahagi ng Artificial Intelligence na siyang ginagamit ng mga kabataan sa ngayon lalo na ng mga mag-aaral sa sekondarya. Magkaiba lang sila ng pokus dahil sa naunang pananaliksik ay binigyan ng pansin ang mga larawan, video at teksto na ginagamit ng mga mag-aaral samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ay binigyang pansin ang mga mag-aaral partikular na sa baitang 9 at baitang 10 sa mga pampublikong paaralan sa lalawigan ng Albay.

Ang paggamit ng Chat GPT at iba pang Artificial Intelligence research assistant ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng karagdagang pagsisiyasat at talakayan. Ayon sa isang pag-aaral, ang paggamit ng mga Chat GPT sa mga setting ng akademiko ay maaring malagay sa panganib ang katapatan at inrtegridad

ng gawaing akademiko (Guzman, 2022). Kabilang dito ang panganib ng paggamit ng teknolohiya upang lumikha ng hindi orihinal na nalalaman, na nagkakaroon ng epekto sa kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral.

Samantala, ang mga mag-aaral ay makakakuha ng mga impormasyon at ideya galing sa Chat GPT (Reyes, 2021). Gayunpaman, hindi nito maaaring gawin ang papel ng aktwal na pag-aaral at pag-unawa sa mga konepto. Kabilang sa mga karagdagang mahalagang salik na maaaring hindi ganap na saklawin ng isang AI assistant ang pag-unawa sa kultura at konteksto. Sa karagdagan, ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang mga kasanayan sa pagsasaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at mapagkukunan hinggil sa isang partikular na paksa, pag suggest ng mga hindi pa natutuklasang aspeto at pagtuturo sa kanila ng mga bagong paksa sa pananaliksik na nagbibigay daan ng mas mabuting pag-unawa at pag-aaral ng paksa (Kasneci et.al, 2023).

Ayon naman kay (Kung et.al, 2023) ito ay makatutulong sa edukasyong medikal at klinikal na pagdedesisyon sapagkat ito ay naglalabas ng mga tumpak na sagot sa

mga pagsusulit sa lisensyang medikal. Sinabi rin ni (Rudolph et.al, 2023) na ang Artificial Intelligence ay may kakayahang magpromote ng usapan na katulad ng sa mga tao ang kahusayan nito at ang pagiging cost-effective nito dahil hindi mangangailangan ng tao. Ang pag-aaral na ito ni Kung ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat parehong Artificial Intelligence ang kanilang binigyan ng pansin. Ang kaibahan lang ng dalawang pag-aaral, sa naunang pananaliksik ay tiningnan ang tulong ng Artificial Intelligence (AI) sa edukasyong medikal at klinika. Na pagdedesisyon dahil ito raw ay naglalabas ng tumpak na sagot sa mga pagsusulit sa lisensyang medikal samantalang sa kasalukuyang pananaliksik naman ang binigyan ng pansin ay ang epekto ng Artificial Intelligence sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Sa larangan ng edukasyon, nakilala ang kakayahan ng Artificial Intelligence (AI) sa kakayahan nitong bumuo ng pira-pirasong impormasyon o naitalang kaalaman na makapagbibigay ng mabilis na sagot at tumugon sa mga katanungan ng consumer. Isa sa pinakakilalang nagagawa ng Chat GPT ay ang pagsasalin ng iba't-ibang wika na nakatutulong sa lahat ng walang bias.

Ang kagawian ng mga kabataan sa ngayon ay naiiba na dahil sa mga makabagong teknolohiya katulad ng Artificial Intelligence (AI). Nag-iiba na rin ang kanilang paraan ng pagkalap ng mga datos at impormasyon. Dahil sa paglaganap ng mga ito, maraming mga mag-aaral ang nagiging tamad gumawa ng kanilang mga takdang aralin. Umaasa na lang sila sa pagkuha ng mga datos sa Artificial Intelligence kung gagawa ng mga sanaysay at iba pa. Hindi na sila natututong gumawa ng sariling paliwanag at gumawa ng sarili nilang akda. Kung magpapatuloy ang gawaing ito, maraming mga mag-aaral ang walang matututuhan.


Ayon kay Marashane Mojica (2024), ang teknolohiyang Artificial Intelligence o AI kung tawagin ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay lalo't higit sa mga mag-aaral at sa mga kaguruan mula ng ito ay umusbong. Ang pagpasok nito sa larangan ng edukasyon ay hindi maitatangi na ang sektor ng edukasyon ay hindi magpapahuli sa pagtanggap at paggamit nito. Sa tulong din ng teknolohiyang AI ay nararanasan ng ating mga kaguruan at mag-aaral ang malawakang pagbabago sa paraan ng pagtuturo at pag-aaral. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat sa naunang pananaliksik ay binanggit na ang Artificial Intelligence (AI) ay malaki ang naging bahagi sa pang-araw-araw na pamumuhay lalo na sa mga mag-aaral at mga kaguruan at sa kasalukuyang pananaliksik naman ay iopinakita rin ang epekto ng Artificial Intelligence sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Ayon sa pag-aaral ni EM De Guzman, MLG Eguia at PM Lopez (2021) sa kanilang aklat na *Antas ng Kahandaan, Epekto at Hamon ng Artificial Intelligence sa Pagkatuto ng Filipino*, ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy at masuri ang kahandaan, mga epekto ng artipisyal na intelihensiya at hamon sa mga mag-aaral sa paggamit ng artipisyan na intelihensiya sa pagkatuto sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Joaquin Smith National High School, Baguio City na may kabuuang bilang isang daan at pitumpung mag-aaral sa sekondarya bilang tagatugon. Ang mga sumusunod ang kinalabasan ng pag-aaral: Handa ang mga mag-aaral sa paggamit ng artipisyal na intelihensiya bilang makabagong kagamitan sa pagkatuto, alinsunod sa mga pagsasanay na ibinigay ng DepEd sa mga mag-aaral at guro sa panahon ng pandemya; epektibo ang paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya (AI) bilang makabagong kagamitan sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa pagsasama ng sistematikong pamamaraan sa pagtuturo ng mga guro at naging dahilan upang mahikayat ang mga mag-aaral upang maging aktibo sa mga aralin at ang ibat ibang uri ng mga pagsusulit at pagtatasa na mahalaga para sa mga mag-aaral ay naging seryosong hamon para sa mga mag-aaral sa paggamit ng artipisyal na intelihensiya ng mga guro. Ang dalawang pag-aaral na ito ay parehong tumingin sa paggamit ng Artificial Intelligence ng mga mag-aaral at ng mga guro lalo na ng mga-aaral sa kanilang akademikong pagganap. Ang pagkakaiba lang dalawang pag-aaral ang una ay binigyang pansin ang paggamit ng mga artificial intelligence at ang pagsasama ng mga sistematikong pamamaraan upang mas mahikayat ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ay binigyang tuon ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 ng mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Sa pag-aaral naman ni Fely V Alajar (2025) na may pamagat na *Digi-AI: Ugnayan ng Digital Literacy at Pagtanggap ng mga Guro sa Filipino sa Paggamit ng Artificial Intelligence sa Pagtuturo*, sa makabagong panahon ng edukasyon, nagiging mahalaga ang digital literacy sa pagtanggap ng mga guro sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pagtuturo. Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang ugnayan ng antas ng digital literacy at pagtanggap ng mga guro sa Filipino sa paggamit ng AI sa pagtuturo gamit ang Technology and Acceptance Model (TAM) ni Davis bilang balangkas teoretikal. Lumabas sa pagsusuri na mataas ang antas ng digital; literacy ng mga guro at positibo ang kanilang pagtanggap sa AI, lalo na sa aspeto ng kapakinabangan at kaluwagan ng paggamit nito. Gayunpaman, natuklasan na tanging ang paniniwala sa kaluwagan ng paggamit ng AI ang may makabuluhang ugnayan sa digital literacy, habang ang iba pang aspeto gaya ng kapakinabangan at aktwal na integrasyon sa estratehiya sa pagtuturo ay hindi nagpapakita ng makabuluhang ugnayan. Parehong ginamit ang Artificial Intelligence sa pag-aaral ng mga mag-aaral at natuklasan at nakita pa ang kanilang pagtanggap at postibong pananaw pagdating sa paggamit ng artificial intelligence. Magkaugnay ang dalawang pag-aaral dahi parehong binigyan ng tuon ang paggamit ng Artificial Intelligence. Ang kaibahan lang ng dalawa,

sa una ay tiningnan ang kapakinabangan ng aktwal na integrasyon o gamit ng Artificial Intelligence sa pagtuturo ng mga guro samantalang sa kasalukuyang pananaliksik at tiningnan hindi lang sa mga guro kundi pati na rin sa mga mag-aaral. Tiningnan din hindi lang ang positibong epekto kundi pati na rin ang mga negatibong epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman ni Silagan (2023) na may pamagat na *Integrasyon ng Artificial Intelligence (AI) sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Filipino sa Senior High School: Mga Hamon at Oportunidad*. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin at suriin ang antas ng kaalaman, kahandaan at antas ng integrasyon at makabuluhang pagkakaiba at ugnayan ng mga salik sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino. Natuklasan sa pag-aaral na ito, mas pinakagamit na AI aplikasyon ng mga guro at mag-aaral ang Chat GPT, Canva, Cici at Grammarly, mas marami rin ang gumagamit sa baitang 11 kumpara sa baitang 12. Pinipili nila ang mga AI na madaling ma akses at ilang mga apps na naka integrate na sa social media. Katamtamang taas rin ang kaalaman na may mean na 30.80 at 3.81 sa apatong e-humanize aart fedback ng (Artificial Intelligence (AI) at alam nila paano gamitin ang AI upang mapabuti ang pagsulat



sa Filipino at sa kahandaan may mean na 3.60 at 3.74 ng mga guro sa aspetong handing lumahok sa pagsasanay at worksyap at mga mag-aaral sa pagsusulat, pagsusuri ng teksto at iba pang bahagi ng gawain sa Filipino gamit ng AI. Natuklasan din sa pagsusuri na may kabuluhang ugnayan ang kaalaman, handaan at integrasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto gamit ang AI. Nagpapahiwatig ito na handa ang mga mag-aaral sa mas aktibong pagkatuto na nangangailangan din ng mataas na kasanayan ng mga guro sa paggamit ng AI upang epektibo ang pagtuturo sa Filipino. Ipinakita sa resulta na ang mga guro ay handing lumahok sa mga pagsasany at worksyap kung paano gumamit ng artificial intelligence. Ang pagkakaiba lang ng dalawang pag-aaral ay sa unang pag-aaral ay ipinakita ang kahandaan ng mga guro sa paggamit ng artificial intelligence sa pamamagitan ng median at mean samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ay ipinakita naman ang epekto ng artificial intelligence hindi lang sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 asignaturang Filipino kundi pati na rin ang kaugnayan nito at ang magandang bung nito sa mga guro.

Sa pag-aaral naman ni Bante, Nodado, Anudin at Jetoya (2024), pagsusuri sa kamalian ng sanaysay ng mga mag-aaral sa antas sekondarya, nilalayan ng kwalitatibong diskurso ng mga mag-aaral na ito na matukoy ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa antas sekondarya sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino. Lumabas sa result na nagtamo ang mga mag-aaral sa antas sekondarya ng kamalian sa kategoryang pagkakaltas ng mga mahahalagang elementong pambalarila tulad ng gitling, titik para sa tamang pagbaybay ng salita at paggamit ng angkop na pangugnay sa pangungusap gayundin sa kategoryang pagdaragdag ng mga titik o letra pati na rin sa pagdaragdag ng gitling at kuwit. Nagtamo rin ang mga partisipante ng kamalian sa pagpili ng angkop na salita at maling pagkakaayos ng mga salita. Samakatwid, ang mga kamaliang natukoy ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa antas sekondarya ay may kakulangan sa kaalaman tungkol sa tuntuning pambalarila. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkatpareho silang ginamitan ng artificial intelligence. Magkaiba lang ang kanilang respondent dahil sa una ang binigyang tuon ay ang lahat ng mga mag-aaral sa sekondarya samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ang binigyang tuon lang ay ang mga mag-aaral sa mga pampublikong paaaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay na nasa baitang 9 at baitang 10. Sa pag-aaral naman ni Dela Cruz (2024) na may pamagat na Paggamit ng Digital Platforms sa Pagsulat ng mga Mag-aaral na nasa Edukasyong Pangguro na Nagpapakadalubhasa sa Asignaturang Filipino, ito ay naglalayong masuri ang lebel at epekto ng paggamit ng mga mag-aaral ng mga digital platforms sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ito ay naglalayong matukoy ang papel na ginagampanan ng teknolohiya sa pagpapaunlad ng kakayahan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Parehong tiningnan ng dalawang pag-aaral ang epekto ng artificial intelligence sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pagkakaiba nga lang sa una ang binigyan ng tuon ay ang kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral gamit ang mga platforms ng artificial intelligence ng mga mag-aaral na nasa edukasyong pangguro samantalang sa kasalukuyang pag-aaral naman ang binigyan ng pansin ay ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at maliban diyan sila ay mga nasa antas sekondarya pa lamang samantalang ang mga respondent sa una ay ang mga mag-aaral na nasa kolehiyo na.

Sa tesis naman ni Basaria (2024) na may pamagat na Isang Deskriptibong Pag-aaral at Tematikong Eksplorasyon Ukol sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Large Language Models sa Edukasyong Pangnegosyo. Layunin ng pananaliksik na ito

na tukuyin ang pananaw ng mga propesor sa Negosyo hinggil sa paggamit ng Large Language Models (LLMs) sa kurikulum at kung paano ito maaaring magsilbing tulay o hadlang sa kanilang propesyunal na tungkulin. Nilalayan din ng pag-aaral na ito na magbigay ng angkop at madaling ipatupad na mga estratehiya upang masiguro ang etikal at responsableng paggamit ng LLMs sa edukasyong pangnegosyo. Lumabas sa pag-aaral na may positibong pananaw ang mga propesor hinggil sa paggamit ng LLMs sa



pagtuturo at pagkatuto sa negosyo, sa kabila ng mga kinikilalang hadlang nito sa mga tunay na pagkatuto. Lumabas sa pag-aaral na ang kakayahan ng LLMs na magpabuti ng kahusayan, mag personalize ng karanasan sa pagkatuto, magbigay ng mas malawak na akses sa impormasyon. Gayunpaman, lumitaw ang mga pangunahing alalahanin sa tatlong kategorya: Bias ang Pagiging Patas, Pag-aaring Intelektwal at Plagiarismo at Maling Impormasyon. Iminungkahi ng pag-aaral na ang mga estratehiyang pedagogikal at institusyunal tulad ng paggamit ng AI powered na template, wastong pagsusuri bago ang anumang hakbang na pandisiplina, at ang pagsasagawa ng sapilitang pagsasanay para sa mga guro at estudyante hinggil sa tamang paggamit ng LMs. Magkatulad nag dalawang pag-aaral sa pagtuon sa kagandahang dulot ng artificial intelligence. Ang pagkakaiba lang ng dalawa, sa una ay gumamit ng mga LMs sa pagtuturo at pagkatuto sa negosyo samantalang sa kasalukuyang pananaliksik naman ay binigyan ng tuon o pansin ang mga mag-aaral na may asignaturang Filipino sa baitang 9 at baitang 10 lamang at pag-aaral ang binigyan ng tuon o pansin hindi ang pagnenegosyo.

Sa pag-aaral ni Adigue (2024) na may pamagat na *Iniibig ko ang Pilipinsa: Diskurso at Kurso sa Panahon ng Artificial Intelligence at Implikasyon sa Akademiko*. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maunawaan ang kahalagahan ng pagmamahal sa bansa at pagpapahalaga sa pambansang kultura sa konteksto ng patuloy na ag-unlad ng teknolohiya kasabay ng pagpapalaganap ng artificial intelligence. Sa pamamagitan ng mga layuning suriin ang pagbabago sa akademikong diskurso at kurikulum, pananaw at kaugalian ng mga akademiko, potensyal na solusyon at interbensyon, implikasyon ng artificial intelligence at kontribusyon sa pambansang diskurso at polisiya sa edukasyon, nagkaroon ng malalim at komprehensibong pag-unawa sa mga aspekto ng pambansang pagkakakilanlan at pagmamahal. Sa pamamagitan ng post kolonyalismo at theoretical grounding na sosyo-kultural, natuklasan ang malawak na perspektiba at konteksto sa pag-unawa sa mga isyu at oportunidad na nauugnay sa pagmamahal sa bansa at pagpapahalaga sa kultura, lalo na sa harap ng pag-unlad ng artificial intelligence. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong magkaroon ng kontribusyon sa pagpapalalim ng pambansang diskurso at polisiya sa edukasyon sa panahon ng artificial intelligence. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng ugnayan ng mga sosyo kultural at post kolonyal sa mga isyu ng pagmamahal sa bansa at pagkakakilanlan. Kaiba ang pananaliksik na ito sa kasalukuyan dahil ang pokus ng pananaliksik ay ang mga sosyo kultural na issues na may kontribusyon sa pagpapalalim ng pambansang diskurso samantalang ang kasalukuyang pananaliksik ay binigyan ang tuon ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.


Sa pag-aaral naman ni Feliciano (2025) na may pamagat na *Teachers and Students Experiences in Utilizing Smart Classroom for the Development of Guide Tech: A Technological Guide for Smart Classroom Utilization* ni Capunitan, Feliciano (2025). Layunin ng pag-aaral na ito na matuklasan ang mga karanasan ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng smart classroom sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng Focus Group Discussion. Ang naging resulta ng pag-aaral na ito ang naging sandigan sa paglikha ng *GabayTek: A Technology Guide For Smart Classroom Utilization*, isang materyal na magagamit ng mga mag-aaral at ng guro. Lumabas sa pag-aaral na ang mga guro at mag-aaral ay may ibat ibang karanasan gamit ang ang smart classrooms. Samantalang ang iba na nakararanas ng kahirapan sa paggamit ng teknolohiya, sila ay nananatiling positibo tungkol sa kanilang paglinang ng kakayahan para sa kanilang pagtuturo. Binanggit ng mga guro na sa pamamagitan ng smart classrooms, ito ang naging dahilan kung bakit mas naging interaktibo at sistematiko ang kanilang pagtuturo na naging resulta ng pagtaas ng interaksyon ng mga mag-aaral. Sa gitna ng mga positibong epekto ng smart classroom, ang mga guro ay nakararanas din ng mga suliranin gaya ng kakulangan sa training, limitado ang access sa mga kagamitang pampagtuturo at ang mga isyung teknikal. Sa panig naman ng mga mag-aaral, ang mga digital na kagamitan ang naging daan para ang pag-aaral ay mas maging accessible ngunit ang iba ay nahihirapan sa paggamit ng mga platforms gaya ng google forms at cloud computing, Bilang karagdagan sa mga nararanasan ng mga mag-aaral, ito rin ang naging dahilan physical strain sa kanila dahil sa matagal na

exposure sa screen. Sa pamamagitan ng ginawang ebalwasyon ay nakumpirma na ang Gabay Tek ay nakamit ang mataas na akademiko at pedagogikong standards. Ang mga guro ay kinikilala ang Gabay Tek bilang isa sa mahahalagang kagamitan na nakatutulong para mas maging epektibo ang prosesong pag-aaral at pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay iminungkahi ang patuloy na pagdalo ng mga guro sa mga palihan para mas mapaunlad ang mga pamanatayan sa paggamit ng mga digital platforms. Sa pamamagitan nito ay magiging mataas ang kapakinabangan ng smart classroom technology sa edukasyon at masisiguro na mas epektibo at mas inklusibo ang pag-aaral ng mga mag-aaral. May pagkakatulad ang pag-aaral na ito dahil sa una ay iminungkahi ang patuloy na pagdalo ng mga guro sa mga palihan. Nangangahulugan lamang na kapag ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay dumalo sa mga palihan tungkol sa paggamit ng artificial intelligence ay ang pangunahing makikinabang ay ang mga mag-aaral at magkakaroon ito ng epekto sa kanilang akademikongb pagganap.

Sa pag-aaral naman ni Dela Cruz (2023) na may pamagat na Paggamit ng Digital Platforms sa Pagsulat ng mga Mag-aaral na nasa Edukasyong Pangguro na Nagpapakadalubhasa sa Asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa level at epekto ng paggamit ng mga mag-aaral ng mga digital platforms ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Layunin nito na malaman kung paano nakatutulong ang teknolohiya sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa kabuuan ng pag-aaral ay napatunayan na ang mga digital platforms ay hindi hadlang kundi nakatutulong para mas mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat at ito ay paraan upang ihanda ang mga mag-aaral sa kanilang prospeyon sa mundo ng pagtuturo at komunikasyon. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong epekto ang pinagukulan ng pansin dito, ngunit ang kaibahan lang sa una ay sinuri ang lebel ng epekto ng mga digital platforms sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa na sa Filipino samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ang binigyang tuon ay ang mga mag-aaral sa sekondarya na nasa baitang 9 at baitang 10 pa lamang.

Sa pag-aaral naman ni Inciso (2022) na may pamagat na Pananaw at Pagsusuri Tungkol sa Edukasyon at Teknolohiya Patungo sa Post-Digital na Panahon. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kahalagahan ng teknolohiya na patuloy na tumataas gayunpaman kailangan nating balansehin ang paggamit ng teknolohiya upang maiwasan ang mga posibleng negatibong epekto nito. Sa edukasyon, tinutukoy nito ang pangamba na ang labis nap ag rely sa teknolohiya ay maaaring magdulot ng mababaw na kaalaman na nagbabawas ng halaga ng tunay na pag-aaral at personal nap ag-unlad. Ang teknolohiya ay maaaring magbigay ng mas magandang akses sa impormasyon, interaktibong mga karanasan sa pag-aaral at pinataas na pakikipagtulungan. Gayunpaman, mayroon itong panganib, maaaring bumaba ang halaga ng malalimang pag-iisip at mabawasan ang pakikipag-ugnayan ng tao sa kapwa. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng potensyal na mga kahihinatnan ng paggamit ng teknolohiya sa mga indibidwal at lipunan. Inilahad din sap ag-aaral na ito ang mga pagbabagong maaaring maganap habang mas lalo pang inaaangkin ng teknolohiya ang edukasyon. Binanggit rin dito ang ang epekto sa mga ugnayan ng tao sa kapwa, ang nagbabagong papel ng mga guro at ang potensyal na implikasyon sa mga panlipunang halaga at norma. Binigyang diin rin dito ang pangangailangan ng maingat at may layunin na paggamit ng teknolohiya para sa tunay na pag-aaral at personal na pag-unlad. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong ginamit ang palarwang pagsusuri. Inilahad din sa una na ang maaaring maging kinalabsan ng pag-aaral ay lalo pang inagkin ng teknolohiya ang edukasyon samantalang sa kasalukuyang pag-aaral naman ay hindi aangkinin ng teknolohiya gaya ng artificial intelligence ang edukasyon bagkus ito ay gagamitin ng mga mag-aaral pasa sa epektibong pag-aaral at pagkakatuto.

Sa pag-aaral ni Bucu, Santos, Castro at Ames (2024) sa kanilang aklat na Pananaw at Dalas ng Paggamit ng AI Tool sa Antas ng Kasanayan sa Pormal na Pagsulat sa Filipino, ito ay may layunin na alamin ang makabuluhang kaugnayanng pananaw sa paggamit ng AI Tool at antas ng kasanayan sa pormal na



pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral gayundin pag alam sa makabuluhang kaugnayan ng dalas ng paggamit ng AI Tool at antas ng kasanayan sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong deskriptibong korelasyunal sa ilalim ng kalikasang kuwantitatibo . Nalaman ng pag-aaral na may positibong pananaw sa paggamit ng AI Tool para sa mga layuning pang-akademiko at madalas nilang ginagamit ang mga ito bilang mahalagang mapagkukunan ng kaalaman. Nagpakita rin sila ng katamtamang kasanayan sa pormal na pagsulat ng Filipino na nagmumungkahi ng lugar para sa pagpapabuti. Ang dalas ng paggamit ng AI Tool ay hindi makabuluhang nauugnay sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pormal na pagsulat. Iminungkahi ng pag-aaral na ito na ang mataas na pagkakalantad sa teknolohiya ay hindi awtomatikong humahantong sa pinabuting kakayahan sa pagsulat. Bukod dito napag alaman na ang mga positibong pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa AI Tool ay may katulad na walang makabuluhang kaugnayan sa kanilang pormal na kasanayan sa pagsulat. Iminungkaghin ng pag-aaral na ito na habang pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang gamit ng AI Tool, ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat sa Filipino ay maaaring nakasalalay sa iba pang mga kadahilanan na higit pa sa pakikipga-ugnayan sa teknolohiya tulad ng kalidad sa pagtuturo, indibidwal na motibasyon at pagsasanay sa pagsulat. Kaiba ang pananaliksik na ito sa kasalukuyang pananaliksik dahil ang pokus ng kasalukuyang pananaliksik ay sa antas sekondarya samantalang sa unang pananaliksik at mas mataas na antas ang pinagtuunan ng pansin. May pagkakaugnay rin ang dalawang pananaliksik dahil parehong paggamit ng AI ang kanilang binyan ng pansin at kung paano nito mas natutulungan ang mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap at ang mga guro sa kanilang pagtuturo. Hindi lang din binigyan ng pansin ang mga positibong epekto bagkus ay binigyan din ng pansin ang mga negatibong epekto.

Sa pag-aaral ni Su, Ng, at Kai Wah Chu na may pamagat na Artificial Intelligence (AI) Literacy in Early Childhood Education: The Challenges and Opportunities, sa kasalakuyan, ang artificial intelligence literasi ay naging emerging na paksa sa digital literacy education research ngunit ito ay nasa ilalim ng tinatawag na ECE o Early Childhood Education. Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral ay lumabas ang mga sumusunod na resulta: kakulangan ng kaalaman, kakayahan at tiwala sa sarili ng mga guro; kakulangan sa disenyong pang kurikulum at: kakulangan ng mga panuntunan para sa pagtuturo. Kahit na ang mga guro ay nakararanas ng mga suliranin sa paggawa at pag develop ng mga AI instructional Design para sa mga bata, Ang AI ay maaaring magbigay ng karagdagang pagkakataon at karanasan sa mga mag-aaral para mahubog ang mga kakayahan ng mga bata sa murang edad. Nagmungkahi rin ang mananaliksik para sa mga susunod na mananaliksik para mas mapaunlad ang literacy resrach design at learning design para sa early childhood education. May pagkakatulad ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong AI ang kanilang binigyan ng pansin. Kung paano gagamitin ng mga mag-aaral ang AI para mas mahubog pa ang kanilang mga karanasan at kakayahan. Sa kasalukuyang opananaliksik naman ay binyang pansin ng mananaliksik ang papel na ginagampanan ng AI sa akademikong pagganap ng mga guro at ang papel na gingampanan nito sa pagtuturo ng mga guro. Magkaiba lang sila ng respondents dahil sa kasalukuyang pananaliksik ang respondents ay ang mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 samantalang sa unang pananaliksik ang respondents ay ang mga mag-aaral sa Early Childhood.

Sa pag-aaral ni Caratiquit (2023), sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa edukasyon, nararanasan din ang ilang mga negatibong epekto nito. Bagamat may mga potensyal na benepisyo tulad ng pagbibigay ng personalisadong suporta at pagpapalakas ng motivation ng mga mag-aaral, may mga hamon at panganib rin na kaaakibat ang paggamit ng teknolohiyang ito. Isa sa mga pangunahing isyu ay ang pagiging depende ng mga mag-aaral sa AI upang sagutin ang kanilang mga Katanungan at problema sa pag-aaral. Ang labis na pag sandal sa AI ay maaaring mabawasan ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag isip ng independyente at gumawa ng mga sariling desisyon. Ito ay maaaring humantong sa pagkawala ng kakayahan sa critical thinking at problem solving kapag walang AI na magamit. May mga alalahanin din sa privacy at seguridad ng mga data. Ang mga sistema ng AI tulad ng Chat GPT ay nangangailangan ng

pag access sa personal na impormasyon ng mga gumagamit upang magbigay ng mas personalisadong serbisyo. Ang hindi maayos na pag handle ng mga impormasyon lalo na ng mga personal na datos ay maaaring magdulot ng banta sa seguridad at privacy ng mga mag-aaral.


Sa pag-aaral ni Su, Weping Yang (2022) na may pamagat na Artificial Intelligence in Early Childhood Education: A Scoping Review, ang Artificial Intelligence (AI) tools ay ginagamit na ng karamihan sa Early Childhood Education (ECE) para mas mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga nakaraang pag-aaral ay nagpapakita rin na ang AI ay epektibong nakatutulong para mapaunlad ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa ECE. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat Artificial Intelligence din ang binigytan ng pansin kung paano ito nakakatutulong upang mas mapaunlad ang proseso ng pagtuturo ng mga guro atpagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kaibahan nga lang, ang unang pananaliksik ang respondents ay ang mga mag-aaral sa Early Childhood samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ang respondents ay ang mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 at ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa baitang 9 at baitang 10.

Sa pananaliksik ni Kolemen at Yildirim sa kanilang aklat na A New Era in Early Childhood Education (ECE): Teachers Opinions on the Application of Artificial Intelligence, ang pag ebalweyt sa papel na ginagampanan ng AI sa preschool mula sa pananaw ng mga guro sa pre -school ang binigyan ng tuon. Ang pananaliksik ay binubuo ng 101 na mga guro sa pre-school. Ang pananaliksik sy binuo sa pamamagitan ng case sampling method. Ang mga kwalitattibong datos ay nalikom sa pamamagitan ng pag interbyu. Ang mga datos ay inanalisa gamit ang inductive content analysis. Lumabas sa pananaliksik na ang mga respondents ay hindi nakakaramdam ng pagiging sapat ng AI pagdating sa literasi at kompetensi ngunit nabanggit din ng mga respondents na ang AI ay may maitutulong pagdating sa literasi at computational thinking ng mga mag-aaral sa preschool. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong Artificial Intelligence ang kanilang tuon. Ang kaibahan lang ay ang guro na respondents sa unang pananaliksik ay ang mga guro na nagtuturo sa pre-school samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ay mga guro sa antas sekondarya nag nagtuturo ng Filipino sa baitang 9 at baitang 10.

Ang pag-aaral ni Bearman, Ryan at Aljawi (2023) ay ukol sa Discourses of Artificial Intelligence in Higher Education: A Critical Literature Review. Ito ay ukol sa papel na ginagampanan ng Artificial Intelligence sa higher education. Para maunawaan ang pag-unlad ng AI kaugnay ng riserts at pananaliksik ay ngakaroon ng maraming rebuy tungkol sa mga top higher education journals. Nirebyu ang mga kahulugan at depinasyon ng iba't ibang teksto. Lumabas sa paanaliksik na may mg akonting nakakalitong depinasyon sa paggamit ng salitang AI bilang bagay na may kaugnayan sa ibang riserts. Ang una ay kung pano tingnan ang AI ayon sa mga bagay na hindi natin maiwasan sa ating paligid o ang mga natural na pangyayari sa ating paligid at ang ikalawa ay kung paano gamitin ng mga guro ang AI sa kanilang pagtuturo at kung paano nagbibigay ng tugon ang mga mag-aaral. Ang kasalukuyang pag-aaral ay may kaugnayan sa naunang pananaliksik sapagkata parehong Artificial Intelligence ang kanilang binigyan ng tuon. Magkaiba lang ang kanilang naging kanya kanyang pokus. Sa kasalukuyang pananaliksik ang pokus ay tungkol sa gamit ng Artificial Intelligence sa Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 samantalang sa unang pananaliksik ay binigyan ng tuon ang paggamit ng salitang AI bilang bagay na may kauganayn sa ibang riserts o ibang mga pangyayari sa ating paligid hindi lang pagdating sa usaping akademiko.

Lagom ng Sining

Ayon sa literatura nina Orbita, Tuscano, Fernandez at Roncesvalles na ang bagong sistema ng edukasyon ay nangangailangan ng angkop na metodolohiya at dulog sa napapanahong uri ng mga mag-aaral na Malaki ang epekto ng tinatawag na artificial intelligence (AI). Gayundin ang mga guro ay



kinakailangang gumamit ng artificial intelligence sa loob ng klasrum ng sa ganun ang mga mag-aaral ay mararamdaman na ang kanilang mga guro ay malawak ang isipan at sila ay nauunawaan na nag mga artificial intelligence platforms ay hindi nagkakaroon ng negatibong epekto sa pag-aaral ng mga mag-aaral bagkus ito ay nakatutulong sa kanila.

Katulad ng mga pahayag nina Garcia, Guiab, Mayos, Luis at Pado na kinakailangang maging maaayos ang pagpili at gumawa ng mga paghahanda hindi lang ang mga guro kundi pati na rin ang mga mag-aaral lalo na kapag ang mga guro ay may mga ibinibigay na gawain sa kanila. Ayon sa kanila kailangang ang mga mag-aaral ay maging responsibla sa paggamit ng mga artificial intelligence at tiyaking ito ay hindi magiging sagabal sa kanilang pag-aaral upang sila ay maging tamad at umasa na lamang sa artificial intelligence at hindi na papaganahin ang kanilang mga utak.

Nahaharap sa hamon ang kasalukuyang sitwasyon ng mga mag-aaral sa makabagong panahon na kung saan napakarami ng magagamit na artificial intelligence sa kanilang pag-aaral at pagkatuto. Sa Tinuran nina. Collin, Dreamer, Adique, Frangos, Feijing sa pagdating ng artificial intelkligence sa panahong tinatawag nating digital sa kasalukuyan, ay nagiging mahalaga pa rin ang kakayahan at talento ng bawat indibidwal. Dito ipinapakita na kahit ano pa man ang nagagawa ng Artificial Intelligence (AI) sa atin sa kasalukuyan ay hindi pa rin nito mapapalitan ang talento at kakayahan ng bawat indibidwal kaya dapat na itanim natin sa ating mga isipan lalo na sa isipan ng mga mag-aaral na ang artificial intelligence at pantulong lamang at hindi dapat na ituring na superior na sa kakayahan nating mga tao.

Gap

Maraming literatura at pag-aaral ang isinagawa tungkol sa pananaliksik kaugnay ng mga epekto ng artificial intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Ito ay sumuri sa epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sabiatnag 9 at baitang 10 lalo na sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Maraming mga nagsagawa ng pananaliksik tungkol dito gaya ng epekto ng artificial intelligence sa teknolohiya at pag unlad sa ibang bansa. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay aktibong naglabas ng mga memo at kautusan tungkol sa paggamit ng artificial intelligence sa edukasyon na nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagpapagaan ng administrative task ng mga guro. Ang Project AGAP AI (2026) ay isang priogramang magsisilbing gabay sa responsible, etikal at inklusibong paggamit ng AI sa mga paaralan kabilang dito ang pagbuo ng Foundational Guidelines on the Integration of AI in the Basic Education. ECAIR (Education Center for AI Research). Sa ilalim ng DO 013 s 2025, itinatag ng DepEd ang ECAIR para mabuo ng mga AI driven tools na susuporta sa pagtuturo , assessment at pangangasiwa sa mga paaralan. AI sa Kurikulum (2025-2026).

Pinaplano ng DepEd ang pag-integrate ng AI concepts, AI literacy at computational thinking sa basis education curriculum. Mga Proyektong AI 2025-2026 gaya ng Project SALIKSEEK, isang GenAI-powered tool para mabilis na makuha ang mga datos na may kaugnayan sa edukasyon.

Project SIGLA (System for Intelligent Growth and Leraner Anthropometry) gumagamit ng AI para iwasto ang mga data sa kalusugan ng mga mag-aaral. Project TALINO (Tracking Adoption Locations and Infrastructure Network Operations) para sa pagsubaybay sa pasilidad ng mga paaralan at Project SABAY (Screening Using AI Based Assistance for Young Children) para maagang matukoy ang kapansanan ng mga bata.

Batay sa mga nabanggit na pinagbatayan, ang gap na pupunan ng pag-aaral na ito ay ang pagpapalagay ng wala pang nagtatangka na magsagawa ng pananaliksik tungkol sa epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay.

Balangkas Teoretikal

Makikita sa Pigura 1, ang paradaym ng Balangkas Teoretikal. Ang terorya ni Jerome Bruner (1996) tungkol sa pagkatuto (Theory of Learning) ay isang gawaing pangkaisipan, aktibong proseso at ang mga mag-aaral ay natututo batay sa pagbuo ng panibagong ideya at konsepto, Upang maisakatuparan ito ay kailangang isinaalang-alang ng guro ang kanyang mga mag-aaral at kailangang alam din ng mga guro ang mga apps na ginagamit ng mga mag-aaral kaya nababawasan na ang sipag at ang pagkakaroon ng oras ng mga mag-aaral sa pananaliksik dahil sa mga apps na madali nilang mapagkunan ng mga datos na nakatutulong sa kanila sa paggawa ng mga gawain sa loob ng paaralan.

Ayon kay Paul, Salgwen at Dupagne (2017) banggit sa aklat ni Amor (2021) karamihan ng mga tao ay nagsasabi na ang iba ay mas naapektuhan ng mass communication kesa sa kanilang mga sarili. Hindi lang ang ibang tao ang naiimpluwesyahan ng artificial intelligence kundi lahat.

Ang mga teorya tungkol sa artificial intelligence ay isa lamang patunay at nagpapaliwanag na karamihan sa apekto ng personal at kultural na buhay ay nanapektuhan ng artificial intelligence.

Pinatotohanan ito ng Media Richness Theory (1986) na nagsasaad na lahat ng mga artificial intelligence ay nagiging daan sa pakikipag-ugnayan. Nakadepende sa kakayahan nito na mabago ang katangian, paniniwala ng mga tao na gumagamit nito.

Behavioral Theories(1950) ay ang teorya na nakaaapekto sa mga millennial. Ang personalidad o katangian ng isang tao ay resulta ng kanyang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao sa lipunan na kanyang ginagalawan at ang uri ng paligid na kanyang kinalakhan.

May limang behavioral theorist ang nagkaroon ng pag-aaral tungkol sa katangiang nasusukat at nakikita ngunit iyon ay napabulaanan at hindi nabigyan ng sapat na pagpapatunay dahil naniniwala sila na ang mga iniisip ng mga tao, ang kanyang pakiramdam o damdamin ay may mahalagang papel na ginagampanan sa buhay ng bawat tao ngunit ito raw ay hindi nasusukat.

Ito ay kabaliktaran naman sa sinasabi ng mga teorya tungkol sa artificial intelligence ngunit ang mga bagay na nabanggit ay magkakaugnay. Ayon sa Teorya ng Computational Intelligence, ito ay nagtatampok ng mga algoritmo at computational models na nagbibigay daan sa mga makina na mag isip at magopasiya batay sa data at karanasan.

Ang Teorya ng Simulation (n.d.) naman ay nagtatampok ng mga modelo na sinusubukang simulan ang proseso ng pag-iisip ng tao upang maunawaan at baguhin ang paraan at pag iisip ng mga makina.

Ang Teorya ng Robotics (n.d.) naman ay nakatuon sa pagsasama ng AI sa pisikal na katawanng robot upang magampanan ang mga gawain at magkaroon ng interaksyon sa kapaligiran.

Ang Teorya ng Machine Learning (1959) naman ay naglalayong bigyang kakayahan ang mga makina na mag improve at mag desisyon batay sa mga pattern at data na kanilang natutunan. At ang

Teoryang Natural Language Processing(n,d) naman ay may layuning bigyang kakayahan ang mga makina na maunawaan at mag produce nag atao-centric na wika at komunikasyon.

Naniniwala ang kasalukuyang mananaliksik na kapag ginamit ang artificial intelligence ng mga guro sa kanilang pagtuturo at ganun din ng mga mag-aarala sa kanilang akademikong pagganap ay mas lalong magiging kapaki-pakinabang ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.Mula sa nga teoryang nabanggit ay nabuo ng mananaliksik ang Teoryang MISAPI 2026.

Ang Teoryang MISAPI 2026 ay nagsasaad na ang makabagong mundo na ginagalawan ay hindi lang ang mga pagbabagong nagaganap sa paligid ang mga pagbabagong nararanasan bagkus ay maraning pang mga bagay. Nariyan ang mga pagbabago sa kagamitan, platform na nagagamit ng mga mag-aaral at ng mga guro sa proseso ng pag-aaral at pagkatuto.

Masasabayan ng mga mag-aaral ang paggamit ng mga platform na ito gaya ng artificial intelligence kung pati na rin ang kanilang mga guro ay yaya kapin at gagamitin rin ang mga pagbabagong ito na kanilang nararanasan sa makabagong panahon ngayon





Figura 1. Paradaym ng Balangkas Teoretikal



Sa Teoryang ito ang MISAPI ay tumutukoy sa mga “ Makabagong Teknolohiya na may Inobasyon na Salik sa Pagkatuto ng mga mag-aaral at Inisyatib upang mapaunlad ang Angking Galing. Sa makabagong panahon na ating ginagalawan ay hindi lang panahon ang nagbabago kundi pati na rin ang mga teknololohiya na ating ginagamit at sila ay may mahalagang papel na ginagampanan hindi lang sa personal na buhay ng mga mag-aaral at mga guro kundi pati na rin sa ugnayang pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral at ng mga guro.

Inobasyon na siyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral upang mas maging angkop ang kanilang mga pamamaraan at Teknik sa kanilang pagtuturo. Sa pamamagitan ng mga inobasyong ito ay mas nakukuha ng mga guro ang atensyon at interes ng mga mag-aaral gamit ang ibat ibang uri ng artificial intelligence na pinaniniwalaang hindi nagiging hadalang sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng kanilang mga guro.

“Salik” sa pagkatuto ng mga mag-aaral at salik sa pagtuturo ng mga guro. Maraming mga salik ang naka aapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sinasabing isa sa mga salik na ito ay ang artificial intelligence na ayon naman sa mga guro na itio nga raw ay mahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral ngunit hindi jila ito tinitingnan bilang negatibo bagkusa ay katulong din ng mga guro ang mga platform ng artificisl intelligence uoang mas madagdagan ang kaalaman ng mga mag-aaral.

“Angking” Galing. Ang mga mag-aaral ay may angking galling na simula pa lang pagkabata ay nariyan na sa kanilang mga isipan ngunit nangangailangan pa ng mas malawakang paghubog at iy=to ay mas mahububog pa sa tulong mga nga guro at ng mga plataproma sa artificial intelligence tiyakin lamang na responsible ang paggmit nito ng mga mag-aaral.

“Paggalugad”. Ang mga Artificial Intelligence ay nagagamit ng mga mag-aaral sa paggalugad ng mga dagdag na kaalaman na magagamit nila sa kanilang pag-aaral at ito rin anaman ay nagagamit rin ng mga guro para mas galugarin pa ang kaiisipan ng mga mag-aaral upang sila ay mas mahasa sa anumang larangan na kanilang nais.

“Inisyatib”. Na bawat mag-aaral ay kailangang magkaroon ng sariling insiyatib upang maitanim niya sa kanyang puso at isipan na sa makabagong panahon na ating ginagalawan kahit na napakarami ng mga aretifical intelligence na maaari nating gamitin sa ating pag-aaral ay hindi pa rin nito mapapalitan at hindi pa rin ito mapapantayan ang kaalaman na nagmumula sa ating mga guro at ang mga kaalamn na nagmumula mismo sa ating mga sarili. Ang mga artificial intelligence ay maaari lang nating gamitin bilang instrumento upang mas mapaunlad pa ang ating pag-aaral pero wag itong itututring na superior na sa ating mga tao.

Ang teoryang MISAPI ay nabuo ng mananaliksik sa taong 2026 sapagkat ito ang taon na Nakita ng mananaliksik na sa gitna ng mga pagbabagong nagaganap sa ating paligid, sa dami ng suliranin na kinakaharap ng ating bansa ay Malaki pa rin ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Hindi ito naging sagabal sa pag-aaral ng mga mag-aaral at hindi rin naging sagabal sa pagtuturo ng mga guro bagkus itio ay nakatutulong upang maipahatid ng mga guro ang de kalidad na edukasyon sa gitna ng makabagong panahon.

Sa kasalukuyan ay wala pang iisang komprehensiboing batas sa Pilipinas na nagtatakda sa lahat ng aspeto ng Artificial Intelligence (AI). Gayunpaman ang paggamit ng AI ay ginagabayan ng iba’t-ibang umiiral na mga batas , polisiya at mga panukalang batas na naglalayong tiyakin ang etikal at ligtas na paggamit nito.



Ito ay pinatunayan ng isa sa mga legal na basehan at mga kaugnay na regulasyon sa paggamit ng AI sa Pilipinas ay ang Republic Act No.11927 (Philippine Digital Workforce Competitiveness Act) na kung saan kinilala ng batas na ito ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya gaya ng AI at layunin nito na ihanda ang mga manggagawang Pilipino sa pamamagitan ng digital skills at competencies.

Ito rin ay mas pinalakas pa sa pamamagitan ng Republic Act No.10173 (Data Privacy Act of 2012) na kung saan ito ay pangunahing batas na sumasaklaw sa AI na gumagamit ng personal na impormasyon. Kailangang sumunod sa privacy- by -designa at kumuha ng pahintulot (consent) kung ang AI system ay nagpoproseso ng personal, pinansyal o sensitibong datos.

Ayon naman sa Deped Order No.003, s.2006, nagtatag ng mga pundasyong gabay sa paggamit ng AI sa edukasyon. Binibigyang diin dito ang transparency, etika, data privacy at ang paggamit ng AI bilang auxiliary tool lamang at hindi kapalit ng guro.

Balangkas Konseptwal

Sa balangkas konseptwal Figura 2 ay makikita ang mahahalagang konsepto kaugnay ng pananaliksik na ito. Isinagawa ang pag sarbey sa epekto ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay particular sa baitang 9 at baitang 10. Batay sa sarbey na ito ay inalam kung ano ang epekto ng Artificial Intelligence (AI)

sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay. Batay sa sarbey ay nalaman din kung ano ang mga uri ng Artificial Intelligence (AI) na kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral. Ano ang mga positibo at negatibong epekto ng paggamit ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at ang signipikong ugnayan nito sa pagtuturo ng mga guro. Batay sa pagtataya na naisagawa ng mananaliksik, nakabuo ang kasalukyang mananaliksik ng polisiya para sa epektibo at responsableng paggamit ng artificial intelligence ng mga mag-aaral at ng mga guro sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Ang paraan ng pagsasagawa ay ang mga sumusunod: paggawa ng sarbey, questionnaires, validation ng sarvey questionnaires, pangangalap ng mga datos, at pag aanalisa sa mga datos na may kaugnayan sa epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay. Ang awtput ng pag-aaral na ito ay magsisilbing polisiya at gabay ng mga mag-aaral at guro para sa responsableng paggamit ng Artificial Intelligence (AI).

Ang mga teoryang robotics, theory of learning at simulation theory ay ginawang saligan ng mananaliksik upang magbigay ng karagdagang suporta sa balangkas konseptwal na siyang nagpapakita na ng mga teoryang ito ay pinagsama sama upang makabuo ng isang interdisiplinaryong larangan gaya ng ng Artificial Intelligence (AI) para sa matalinong koneksyon at persepyon ng mga mag-aaral patungo sa aksyon na kanilang gagawin sa kanilang pag-aaral na gamit ang Artificial Intelligence.




Figura . Paradaym ng Balangkas Konseptwal

RESULTA AT KONKLUSYON

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap tungkol sa Epekto ng Artificial Intelligence sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 at Baitang 10 sa Asignaturang Filipino sa mga Pampublikong Paaralang Sekondarya sa Lalawigan ng Albay. Ang mga

nakalap na datos ay inilagay sa talahanayan para sa higit na ikalililaw at ikadadali ng pagsusuri sa epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Batay sa kinalabasan ng sarbey sa Epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay ay nalaman sa pananaw ng mga guro sa pamamagitan ng Artificial Intelligence ay natutukoy ang mga pagkukulang at oportunidad sa pag-aaral ng mga mag-aaral, napapadali ang mga gawain at mas mabilis ang pagtuturo ng mga mahihirap na konsepto.

Sa makabagong panahon ngayon, ay masasabi na hindi na lang guro ang may nararanasang malaking epekto sa prosesong pag-aaral o sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at guro lalo na sap ag-aaral at pagtuturo ng asignaturang Filipino. Noon, library, interview at research papers lamang ang nagagamit ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ngayon, maaari na silang gumamit ng tinatawag na artificial intelligence sa kanilang mga pangangailangan sa paaralan. Hindi lang din ang mga mag-aaral ang maaaring makapag research ng kanyang mga gagamitin sap ag-aaral kundi pati na rin ang mga guro kung ano pa ang mga bagay na maaari niyang makuha at idagdag na makukuha niya sa ibat-ibang plataporma ng teknolohiya nja artificial intelligence.

Talahanayan I

Mga Uri Ng Artificial Intelligence Na Ginagamit Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 9 At Baitang 10

N=450

Indikeytor	Frequency(f)	Ranggo
1.Dola	89	7
2.Chat GPT	324	1
3.Gemini AI	103	4
4.Meta AI	97	5
5.Grammarly	95	6
6.Quilbot	233	3
7.Canva	280	2
8.Turnitin	59	9
9.Plagiarism Check	57	10
10.Humanizer	78	8
TOTAL	1415	10

Sa Talahanayan I ay makikita ang mga uri ng artificial intelligence (AI) na ginagamit ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay. Ayon sa 450 mag-aaral, nasa unang ranggo ang indikeytor 2 na: Chat GPT na may frequency na 324 na nangangahulugang ang Chat GPT ang nangungunang uri ng artificial intelligence na ginagamit ng mga mag-aaral. Ito ay sinusundan ng indikeytor 7 na Canva na may frequency na 280 na sa pamamagitan ng artificial intelligence na ito ay ay mas napapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa anumang paksa na nais nila. Nasa ranggo tatlo naman ang indikeytor 6 na Quilbot na may sumagot na 233 mag-aaral. Ang indikeytor 3 naman na Gemini AI ay nasa ika apat na ranggo na may sumagot na 103 mag-aaral, ika limang ranggo naman ang Meta AI na may sumagot na 97 mag-aaral., Ika anim na ranggo ang Grammarly na may sumagot na 95 mag-aaral , Ika pito ang Dola Plagiarism na may sumagot na 89 mag-aaral, ika walo naman ang Humanizer na may sumagot na 87 mag-aaral at sinusundan ng ika siyam ang Turnitin na may sumagot na 59 mag-aaral at ang pang huli ay ang Plagiarism Check na may sumagot na 57 na mag-aaral.

Talahanayan II

Positibong Epekto Ng Artificial Intelligence (AI) Sa Kakayahan at Akademikong Pagganap Ng Mga Mag-Aaral

N=450

Indikeytor	Mean	Ranggo	Interpretasyon
1. Napapadali ang Gawain	3.65	1	Lubos na Nakaaapekto
2. Mas mabilis ang access sa impormasyon	3.15	8	Nakaaapekto
3. Mas nagiging efficient ang mga proseso sa trabaho at edukasyon	2.75	5	Nakaaapekto
4. Mas pinadali ang pananaliksik	3.45	2	Lubos na Nakaaapekto
5. Mas mahusay na pagsasanay sa pagsusulat at pagsagot sa mga tanong	3.10	6	Nakaaapekto
6. Personalized learning	3.18	7	Nakaaapekto
7. Mas mabilis na pagturo ng mahirap na konsepto	3.28	3	Lubos na Nakaaapekto
8. Tulong sa pagplano at oras ng pag-aaral	3.20	4	Lubos na Nakaaapekto
9. Iba pang kasagutan.(Isulat)			

Batay sa resulta ng sarbey hinggil sa Epekto ng Artificial Intelligence(AI) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 at Baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay, natuklasan mula sa pananaw ng mga guro na nakatutulong ang Artificial Intelligence sa pagtukoy ng mga kakulangan at oportunidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral, pagpapadali ng mga gawain, at pagpapabilis ng pagtuturo ng mga mahihirap na konsepto.

Ayon sa Talahanayan II ay nangunguna ang sagot na: sa pamamagitan ng Artificial Intelligence ay: Natutukoy ang mga pagkukulang at oportunidad sa pag-aaral ng mga mag-aaral na may sumagot na 10. Batay sa mga pag-aaral, ang paggamit ng AI ay nagbukas ng mga bagong oportunidad para sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto ngunit natukoy din kung ano ang mga makabuluhang pagkukulang o hamon na kailangang tugunan. Pinapangalawahan ito ng: Napapadali ang mga gawain na may sumagot na 6. Ayon sa mga ulat, ginagaya ng AI ang kakayahan ng mga tao sap ag-iisip, pag-aaral at pagdedesiyon na nagreresulta ng mas mabilis na access sa impormasyon at mas mataas na produktibidad. Pangatlo sa ranggo ang: Mas mabilis ang pagtuturo ng mahirap na konsepto na may 3 ang sumagot. Ayon sa panayam sa ilang mga guro, sa pamamagitan ng AI ay mas nagiging madali ang pagtuturo ng mga mahihirap na konsepto dahil mas marami ng mapagkukunan ng karagdagang impormasyon na makatutulong sa kanila.

Sa negatibong epekto naman ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga guro ay natukoy ang mga sumusunod: Una ay ang:Pagiging tamad na may 12 guro ang sumagot. Karamihan sa mga mag-aaral sa kasalukuyan ay umaasa na lamang sa AI at hindi na nag-iisip. Pumangalawa naman ang: Maling impormasyon at hindi angkop na sagot ang nakukuha na may 5 guro ang sumagot. Dahil sa pagiging dependent ng mga mag-aaral sa AI ay hindi na nila sinusuri kung ang impormasyon na kanilang nakukuha ay totoo o hindi. at Pumangatlo ang: Pagkadeponde sa teknolohiya na may sumagot na 2 na guro. Ito ang kadalasang nangyayari sa mga kabataan sa ngayon. Nakadeponde na lang sila sa teknolohiya na nagiging dahilan kung bakit hindi na nila nagagamit ang kanilang malikhaing pag-iisip.

Batay sa nabanggit, napagalaman na karamihan sa mga guro ay may positibong pananaw pagdating sa paggamit ng artificial intelligence sa akademikong pagganap nila sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay.

Ayon sa mga nabanggit, ito ay nagpapakita lamang na sa gitna ng mga makabagong teknolohiya na nakapalibot sa mga guro ay nanatili pa ring puhunan nila sa kanilang pagtuturo ang kanilang dedikasyon at sipag at hindi sila umaasa sa mga artificial intelligence na lamang. Sa edukasyon, nakikita ng mga guro ang Artificial Intelligence (AI) bilang isang makapangyarihang katuwang sa pagtuturo at pagkatuto sa makabagong panahon. Bagamat may mga hamon, ang Artificial Intelligence (AI) ay itinuturing na oportunidad upang mapabuti ang kalidad ng edukasyonat mapadali ang gawain ng mga guro sa paaralan.

Ayon sa mga guro, ang Artificial Intelligence ay malaking tulong sa mabilis na paggawa ng mga lesson plan, pagsusulit at iba pang kagamitang pampagtuturo. Ito ay nagbibigay daan din para sa costumixed na karanasan sa pagkatuto, kung saan maiaangkop ang nilalaman sa indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral. Nakikita rin ng mga guro ang positibong papel ng AI sa pagpapabuti ng kolaborasyon ng mga mag-aaral. Nagagamit din ng mga guro ang AI upang masuri ang pagganap ng mga mag-aaral , magbigay ng puna at mag monitor ng kanilang pag-unlad. Sa papamagitan rin ng AI ay nahahanda ng mga guro ang klasrum para sa mga mag-aaral na maging kritikal at epektibo ang paggamit ng teknolohiya sa isang ligtas na kapaligiran.

Ito ay pinatunayan ni Arienda, Coralde at Silencio banggit sa aklat ni Orbita (2022) sa kanilang lebel ng kabisaan ng media sa pagbibigay ng impormasyon sa tatlong paaralan sa Rapu-Rapu na epektibo

sa kaalaman at pagpapalaganap ng mga impormasyon sa publiko gamit ang artificial intelligence at mass media. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral ay inalam din ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Talahanayan II.A

Negatibong Epekto Ng AI Sa Kakayahan Ng Akademikong Pagganap Ng Mga Mag-Aaral

N=450

Mga Indikektor	Mean	Ranggo	Interpretasyon
1. Naging tamad ng mga mag-aaral	3.30	1	Lubos na Nakaapekto
2. Umaasa lang sa teknolohiya	3.40	2	Lubos na Nakaapekto
3. Maling impormasyon at hindi angkop na sagot	2.40	5	Di Gaanong Nakaapekto
4. labag sa Academic Integrity	3.25	3	Nakaapekto
5.limitado ang kaalaman sa Artificial Intellegence	2.70	4	Nakaapekto

Sa Talahanayan II.A naman makikita ang negatibong epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga guro ay natukoy ang mga sumusunod: Una ay ang :Pagiging tamad na may 12 guro ang sumagot. Pumangalawa naman ang : Maling impormasyon at hindi angkop na sagot ang nakukuha na may 5 guro ang sumagot at Pumangatlo ang : Pagkadeponde sa teknolohiya na may sumagot na 2 na guro.

Batay sa nabanggit, napag alaman na karamihan sa mga guro ay may positibong pananaw pagdating sa paggamit ng artificial intelligence sa akademikong pagganap nila

sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay.

Batay sa mga nabanggit, ito ay nagpapakita lamang na sa gitna ng mga makabagong teknolohiya na nakapalibot sa mga guro ay nanatili pa ring puhunan nila sa kanilang pagtuturo ang kanilang dedikasyon at sipag at hindi sila umaasa sa mga artificial intelligence na lamang.

Ito ay pinatunayan ni Arienda, Coralde at Silencio banggit sa aklat ni Orbita (2022) sa kanilang lebel ng kabisaan ng media sa pagbibigay ng impormasyon sa tatlong paaralan sa Rapu-Rapu na epektibo sa kaalaman at pagpapalaganap ng mga impormasyon sa publiko gamit ang artificial intelligence at mass media.

Katulad ng kasalukuyang pag-aaral ay inalam din ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.

Batay din sa nakalap na datos sa pamamagitan ng talatanungan at tseklist, nasa ranggong apat ang: Limitado ang kaalaman na nasa AI na may sumagot na 57 mag-aaral, Ika-lima naman ang paglabag sa academic integrity na may sumagot na 37 mag-aaral at nasa ika anim at huling puwesto naman ang: Hamon sa seguridad na may sumagot na 27 mag-aaral.

Pinatunayan ito ni Celeste (2021) sa kanyang pag-aaral na malawak ang impluwensya ng artificial intelligence sa pag-aaral o sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro. At dahil dito kahit pa gamit ng mga mag-aaral at ng mga guro ang artificial intelligence ay hindi pa rin kayang palitan ng artificial intelligence ang katalinuhan ng mga mag-aaral at ang katalinuhan ng mga guro kahit na laganap na ang mga pagbabagong nagaganap sa ating kapaligiran gamit ang artificial intelligence.

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nagging madali sa mga mag-aaralang pagsagot sa mga tanong gamit ang artificial intelligence ngunit hindi nito mapapalirtan ang tunay na talino ng ating mga mag-aaral.

Talananayan III

Positibong Epekto Ng Ai Sa Kakayahan Ng Akademikong Pagganap Ng Mga Guro

N=19

Mga Indikektor	Mean	Ranggo	Interpretasyon
POSITIBO			
1. Matukoy ang mga pagkukulang at oportunidad sa pag-aaral ng mga mag-aaral	2.53	1	Nakaaapekto
2. Mapapadali ang Gawain	2.52	2	Nakaaapekto
3. Mas mabilis ang access sa impormasyon	2.05	9	Di-Gaanong Nakaaapekto
4. Mas nagiging efficient ang mga proseso sa trabaho at edukasyon	2.50	4	Di-Gaanong Nakaaapekto
5. Mas pinadali ang pananaliksik	2.48	7	Di-Gaanong Nakaaapekto
6. Mas mahusay na pagsasanay sa pagsusulat at pagsagot sa mga tanong	2.49	6	Di-Gaanong Nakaaapekto
7. Mas napapagaan at napapadali ang Gawain	2.47	8	Di-Gaanong Nakaaapekto

8. Mas mabilis na pagturo ng mahirap na konsepto	2.51	3	Nakaaapekto
9. Tulong sa pagplano at oras ng pagtuturo	2.45	5	Di-Gaanong Nakaaapekto
10. Iba pang kasagutan.(Isulat)	2.39	10	Di-Gaanong Nakaaapekto

Talahanayan III.A

Negatibong Epekto Ng Ai Sa Kakayahan Ng Akademikong Pagganap Ng Mga Guro


N=19

NEGATIBO			
1.Pagiging tamad	2.53	1	Nakaaapekto
2.Pagkadeponde sa teknolohiya	2.51	3	Nakaaapekto
3.Maling impormasyon o hindi na angkop ang sagot	2.52	2	Nakaaapekto
4.Paglabag sa academic integrity	2.49	5	Di-Gaanong Nakaaapekto
5.Limitado ang kaalaman sa AI	2.50	4	Di-Gaanong Nakaaapekto
6.Hamon sa sigurudad	2.48	6	Di-Gaanong Nakaaapekto
7.Iba pang kasagutan (Isulat)	2.47	7	Di-Gaanong Nakaaapekto

Ipinapakita lamang sa mga datos na ang artificial intelligence ay may magandang epekto rin sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga nabanggit ay umaayon sa takbo ng makabagong panahon na hindi na maiiwasan ang mga artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral gayundin ang pagkakaroon nito ng mahalagang papel at silbi sap ag-aaral at pagkatuto. Pinatutunayan ito ni Sonsana (2020) na mas higit na ang artificial intelligence ang may malaking papel na ginagampanan sa buhay ng mga tao lalao na sa buhay ng mga mag-aaral.

Mungkahing Polisiya para sa Tamang Paggamit ng Artificial Intelligence (AI)

Batay sa kasagutan sa datos tungkol sa mga uri ng artificial intelligence na ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap; Mga Positibo at Negatibong Epekto ng Artificial Intelligence sa akademikong pagganap ng mga 450 mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong sekundaryang paaralan sa lalawigan ng Albay, at sa mga Negatibo at Positibong Epekto ng Artificial Intelligence sa Akademikong Pagganap ng 19 na Guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa



mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay, at ayon sa naging resulta ng pananaliksik na ito na lubhang nakaaapekto ang artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang Artificial Intelligence ay isang aplikasyong kagamitan na ginagamit ng mga tao sa ngayon lalo na ng mga mag-aaral at ng mga guro para mas mapadali ang isang gawain. Isa sa mga kahulugan ng pagsulong ang paglapat ng mga kasangkapan, makina, kagamitan at proseso upang tumulong sa paglunas sa mga suliranin ng tao. Bilang isang taio, ang teknolohiya particular na ang artificial intelligence ay kaagapay na ng inhenyerya at agham. Kadalasang iniugnay ang artificial intelligence sa mga imbento at gadget na ginagamit natin na kailang lamang natuklasan sa oprinsipyo at prosesong maka agham.

Ayon kay Dr Johari Brin Mat, secretary General Ministry ng Malaysia of Education ng Kuala Lumpur, Malaysia sa isang kumperensya tungkol sa E Learning, (2000) sa pagbanggit ni Fernadez (2021), ang artificial intelligence ay naging importanteng parte ng pagtuturo at pagkatuto sistema ng edukasyon. Ang agham sa impormasyon at komunikasyon ay nagbibigay ng makapangyarihang kagamitan upang makuha, maitabi at maipamahagi ang impormasyon. Ganoon pa man, ang mga pamamaraan sa pagtuturo na ginagamit ng mga guro, paghahanda sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo ay kailangang madagdagan pa niya upang maging angkop sa mga mabilis at makabagong teknolohiya na ginagamit ng mga mag-aaral na nagiging dahilan kung bakit mas malawak ang kanilang mga kaalaman gamit ang artificial intelligence. Sa paggamit ng artificial intelligence ay hindi maikakaila na marami ang nagagawa nito sa ating buhay subalit madami rin ang negatibong epekto sa paggamit nito. Napakarami din ang mga kagamitan na bunga ng makabagong teknolohiya ng ginagamit ng mga mag-aaral at ng mga guro sa kasalukuyang panahon. Nabanggit nina Villafuerte at Bernales (banggit ni Tuscano 2021) na negatibo para sa kanila ang paggamit ng mga mag-aaral ng telebisyon sa mga mag-aaral sapagkat nawawalan ng interes ang mga mag-aaral na makisalamuha at makipaglaro. Marahil ay kung sila ay ating tatanungin sa kasalukuyang kalagayan ng paggamit ng mga mag-aaral ng artificial intelligence ay ganoon dina ng kanilang magiging tugon na dahil sa artificial intelligence ay mawawalan na rin ng gana ang mga mag-aaral na making sa kanilang mga guro dahil ang mga bagay na itinatuturo ng kanilang mga guro ay napakadali na lang na makuha sa pamamagitan ng isang click lamang. Sa pahayag ni Rob Siegel (Llobet 2018) binanggit sa aklat ni Roncesvalles (2022), ang edukasyon sa ika-21 siglo ay dapat na dinamiko, replektib, world focused, adaptive, process and inquiry based, nakatutulong at nagtutulungan ang bawat isa. Ang edukasyon sa kasalukuyan ang siyang dapat tumugon sa mga kasanayan na kailangan sa kasalukuyang lipunan. Ang edukasyon ang siyang dapat na nagbibigay ng solusyon saanmumang suliraning kinakaharap hindi lang ng mga guro kundi ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral dahil sa pagdating ng mga makabagong teknolohiya gaya ng artificial intelligence na kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral. Naniniwala ang kasalukuyang mananaliksik na dahil isa sa ginagamit ng mga mag-aaral ang may kaugnayan sa kanilang akademikong pagganap ang artificial intelligence kung kaya ang mga mag-aaral ay dapat na may polisiyang sinusunod sa tamang paggamit ng mga artificial intelligence. Kung kaya bilang pagtugon sa kasalukuyang sitwasyon na kung saan ang artificial intelligence ay may malaking papel na ginagampanan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sabaitang 9a t baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondaryo sa lalawigan ng Albay, Ang naging output sa pag-aaral na ito ay ang Polisiya sa Tamang Paggamit ng Artificial Intelligence (AI) ng mga mag-aaral. Ito ay hard copy na maaaring maging gabay hindi lamang ng mga mag-aaral; kundi pati na rin ng mga guro sa tamang paggamit ng kanilang mga mag-aaral sa artificial intelligence.

Ito ay binubuo ng apat na bahagi. Ang unang bahagi ay ang Cover na naglalaman ng pamagat ng output. Ang ikalawang bahagi ay ang Karapatang Ari-2026 ng may akda, Pagkilala, Paghahandog, Paunang Salita, at Nilalaman. Ang pagbuo at pagpapatupad ng polisiya sa tamang paggamit ng Artificial Intelligence

(AI) ay napakahalaga upang masiguro na ang teknolohiya ay nagsisilbing katuwang sa pagkatuto, at hindi nagiging sanhi ng katamaran o kawalan ng integridad sa akademya.

Sa pagtaas ng pagdepende ng mga mag-aaral sa Artificial Intelligence (AI) tulad ng Chat GPT, mahalaga ang mga gabay upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon. Tinitiyak ng polisiya na ang mga mag-aaral ay hindi aasa ng sobra sa Artificial Intelligence (AI) sa paggawa ng kanilang mga takdang aralin, sanaysay o proyekto. Nililina rin nito na ang pagpasa ng mga gawa ng Artificial Intelligence (AI) ay isang anyo ng plagiarism. Nilalayan din ng polisiya na balansehin ang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) upang hindi mawala ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag analisa, mag-isip at maglutas ng mga problema ng mag-isa. Hinihikayat rin nito ang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang tool sa pananaliksik o brainstorming hindi bilang kapalit ng aktuwal na pag-iisip.

Mungkahing Polisiya Sa Paggamit Ng Artificial Intelligence (AI) Ng Mga Mag-Aaral

Ang Inteleheng Artipisyal o Artipisyal na Katalinuhan na mas kilala natin sa Ingles na Artificial Intelligence (AI) ay ang katalinuhan ng mga makina at sangay ng agham pang kompyuter na naglalayomg lumikha nito. Nagmula ang salita bilang isang paksa ng Kumperensya sa Dartmouth noong 1956 ni John McCarthy.

Naghain ng panukalang batas si Paranaque 2nd District Representative Brian Raymond Yamsuan para labanan ang pagkalat ng artificial intelligence (AI) generated fraud sa pamamagitan ng mahigpit na implementasyon ng regulasyon sa paggamit ng deepfakes. Hinikayat ng Paranaque solon sa Kongreso para ipasa ang Hose Bill 3214 layong protektahan ang mga Filipino mula sa AI na maaaring gamition upang linlangin ang publiko, sirain ang mga reputasyon, magpanggap bilang mga indibidwal at kahit na ilarawan ang mga tao at ang non-consensual sexual content maaari itong gamitin.

Ang Hose Bill No. 7396 naman ni Rep. Robert Ace Barbers na pinamagatang Artificial Intelligence Development and Regulation Act of The Philippines ay nagtataguyod ng etikal at responsableng paggamit ng AI at nagtatag din ng Artificial Intelligence Development Authority (AIDA) na mangangasiwa sa pananaliksik, pag-unald at pagpapatupad nito.

Base sa mga naging sandigan ng mananaliksik ay nabuo ang mga sumusunod na mungkahing panuntunan sa tamang paggamit ng Artificial Intelligence ng mga Mag-aaral:

1. Ang mga magulang ay kailangang may access sa mga AI na ginagamit ng kanilang mga anak
2. Sa mga guro ay kinakailangang magsagawa ng oryentasyon sa kanilang mga mag-aaral tungkol sa responsableng paggamit ng AI
3. Ang mga mag-aaral ay kailang imulat ang kanilang mga isipan kung paano maginging resoponsable sa paggamit ng AI
4. Para sa paaralan ay kailangang may paraan kung paano masusuri ang mga ginawa ng mga mag-aaral ng hindi na kailangan ng AI.
5. Kailang ng seminar-worksyap sa tamang paggamit ng AI.
6. Kailangang magkaroon ng Karampatang Parusa sa mga Iresponsableng gumagamit ng Ai.

Diskusyon

Inilahad sa kabanatang ito ang lagom ng pag-aaral, mga natuklasan matapos ang pananaliksik, konklusyong nabuo at mga rekomendasyon.

Ang pag-aaral na ito na pinamagatang “Epekto ng Artificial Intelligence sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 at Baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mg Pampublikong Paaralang Sekondarya sa Lalawigan ng Albay”.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang epekto ng artificial intelligence sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralanmg sekondarya sa lalawigan ng Albay. Ang resulta ng pag-aaral ay magsisilbing napakahalagang datos na mapagbabatayan ng panibagong mg apgasasanay ng mga guro sa Filipino upang mas mapataas ang kalidad ng edukasyon gamit ang mga artificial intelligence na siyang ginagamit ng mga guro at ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Ito ay magiging daan rin upang mas maging maganda ang ugnayang pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral at ang pagtuturo ng mga guro.

Gamit ang stratified random sampling, saklaw ng pag-aaral na ito ang apat na raan at limampung mag-aaral at labing siyam na guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa baitang 9 at baitang 10 sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Albay. Palarwang pagsusuri, istatistikang pagbilang, pagrarango at weighted mean gamit ang mga talanungan at tseklis.

Mga Natuklasan

Batay sa mga kasagutan sa talatanungan at tseklis, natuklasan ang mga sumusunod:

1. Ang Artificial Intelligence ay lubusang nakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa sumusunod na aspeto:
 - a.Mas napadali ang mga gawaing pang akademiko
 - b.Natutong gumawa ng Pananaliksik
 - c.Nagkaroon ng access sa mga impormasyon na kailangan sa pananaliksik
2. Sa pananaw naman ng mga guro, ay natuklasan nila ang mga sumusunod:
 - a. natutukoy ang mga pagkukulang at oportunidad sa pag-aaral ng mga mag-aaral
 - b.Napabilis ang Gawain sa pananaliksik.
 - c. ang pagtuturo ng mahirap na konsepto ay napapadali.
3. Ang mga uri ng ang artificial intellegince na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ay ang mga sumusunod:
 - a. Chat GPT
 - b. Canva
 - c. Quillbot
 - d. Gemini
 - f. Dola
 - g. Humanizer
 - h. Turnitin
 - i. Pladiarism Check

e. Meta AI

j. Grammarly

Narito ang (5) lima sa mga Uri ng AI na pinakaginagamit ng mga mag-aaral sa Pamublikong Paaralang Sekondarya sa Lalawigan ng Albay Base sa naging resulta ng Pananaliksik.

1. Chat GPT-ang Chat GPT ang nangungunang artificial intelligence na ginagamit ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at iba pang paksang Aralin.
2. Canva-sinundan ng canva na ginagamit sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagdedesenyo.
3. Quillbot- ginagamit sa pagsasaayos ng Balarila at pagbuo ng pangungusap
4. Gemini AI- gamit sa pananaliksik at personal assistant.
5. Meta AI-AI na naka-integrate sa social media.

Mga Konklusyon

Batay sa natuklasang Epekto ng Artificial Intelligence(AI) sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 at Baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga Pamublikong Paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang Artificial Intelligence ay Malaki ang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 at baitang 10 sa asignaturang Filipino sa mga pamublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Albay.
2. Ang Artificial Intelligence ay may positibo at negatibong epekto hindi lang sa mga mag-aaral kundi pati nan rin sa mga guro. Ang mga positibong epekto ay ang mga sumusunod: Matukoy ang mga pagkukulang at oportunidad sa pag-aaral ng mga mag-aaral; Mapapadali ang mga gawain; Mas mabilis ang access sa mga impormasyon; Mas nagiging efficient ang mga proseso sa trabaho at edukasyon; Mas pinadali ang pananaliksik; Mas mahusay na pagsasanay at pagsagot sa mga tanong; Mas napapagaan at napapadali ang mga gawain; Mas mabilis na pagturo ng mga mahirap na konsepto ; at Tulong sa pagplano at oras ng pagtuturo.


Ang mga negatibong epekto naman ay ang mga sumusunod: Pagiging tamad; Pkgadepende sa teknolohiya; Maling impormasyon o hindi angkop ang sagot;Paglabag sa Academic Integrity; Limitado ang kaalaman sa AI; at Hmaon sa siguridad.

3. Ang uri ng mga Artificial Intelligence na kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral ay ang Chat GPT, Canva at Quillbot.
4. Malaki ang maitutulong ng mungkahing polisiya para sa responsableng paggamit ng mga mag-aaral ng Artificial Intelligence

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng mananaliksik hango sa resulta ng nakalap na mga datos at konklusyong nabuo ay inilahad ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Hikayatin ang mga mag-aaral na maging responsible sa paggamit ng mga artificial intelligence



2. Hikapayatin ang mga guro na gamitin ang mga artificial intelligence para sa ikauunlad ng gawaing pagtuturo ng mga guro.
3. Magkaroon ang follow up ang isinagawang pananaliksik ng mananaliksik upang malaman ang iba pang bagay na may kaugnayan sa artificial intelligence
4. Maglaan ng pondo ang mga administrador upag magkaroon pa ng dagdag na kaalamn ang mga guro tungkol sa artificial intelligence.

TALASANGGUNIAN

Adique, A. (2024). Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Zain Publications.

Aragwal, B. (2020). Ulat ng 2018 Horizon (Educause 2018).

Baker, T. (2025). Exploring the future of artificial intelligence in schools and colleges.

Barbers, R. A. (n.d.). House Bill No. 7396: Artificial Intelligence Development and Regulations Act of the Philippines. House of Representatives, Philippines.

Bondoc, J. (2022). Pag-usad ng teknolohiya gamit ang artificial intelligence.

Braun, V. (2020). Thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*.

Castaneda, L. (2022). Ongoing digitalization of higher education. *International Journal of Educational Technology in Higher Education*.

Cimini, B. (2025). The use of artificial intelligence in early childhood education.

Classpoint. (2023). Blog ng Classpoint.

Coursera, N. (2023). Machine learning, deep learning at natural language processing (NLP).

Crompton, B., & Burke, L. (2023). Artificial intelligence: The state of the field.

Doe, J. (2021). Artificial intelligence and the learning of literature: Isang pagsusuri ng kasalukuyang aplikasyon at mga tendensya sa hinaharap.


Dongpan, O. (2025). Enhancing Filipino language pedagogy through AI integration: Bridging tradition and technology in education.

Dongsil, S. (2021). The potential of artificial intelligence in higher education.


EduBirdie. (2023). Exploring Filipino language educators' perceptions and pedagogical adaptations in AI-integrated instruction.

Facione, P. (2025). Critical thinking: What it is and why it counts.

Gonzales, B. (2022). Using generative artificial intelligence in education.



-
- Holmes, W. (2020). Artificial intelligence in education: Mga pangako at implikasyon sa pagtuturo at pag-aaral.
- Hwang, G. (2020). A multi-perspective study on artificial intelligence in education.
- Jetoya, J. (2024). Pagsusuri ng kamalian ng sanaysay ng mga mag-aaral sa antas sekondarya.
- Jia, J. H. (2024). Adaptibong mga sistemang pag-aaral at pagpapalawak ng bokabularyo sa elementaryang edukasyon.
- Koleman, E. (2025). A new era in early childhood education: The teachers' opinion on artificial intelligence.
- Lim, B. (2024). Metaphor analysis on pre-service early childhood teachers' conception of AI education for young children.
- Orbita, K. (2022). Epekto ng social media sa mga millennial sa asignaturang Filipino sa lalawigan ng Albay.
- Radford, G. (2019). Kakayahan ng artificial intelligence sa pagbuo ng relevant at coherent conversations.
- Reyes, S. (2021). The impact of artificial intelligence on higher education: An empirical study.
- Russel, N. (2020). Artificial intelligence: Malaking bahagi sa makabagong agham.
- Silayan, J. (2023). Integrasyon ng artificial intelligence sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa senior high school: Mga hamon at oportunidad.
- Smith, J. (2020). Epekto ng mga tool sa pag-aaral ng wika batay sa AI sa tagumpay akademiko ng mga mag-aaral.
- Turing, A. (2021). Artificial intelligence methods in early childhood education.
- Tuscano, K. (2022). Ginampanang papel ng teknolohiya sa K to 12 kurikulum.
- UNESCO. (2024). Artificial intelligence in education.
- Vega, M. (2020). Social learning theory.
- Wang, L. (2023). Discourse of artificial intelligence in higher education: A critical review.
- Williams, R. (2021). Popbot: Designing an artificial intelligence curriculum for early education.
- Yang, W. (2022). Artificial intelligence for young children: Why, what and how cultural design and implementation.
- Yizhi, M. (2021). Artificial intelligence impacts on higher education.
- Blogspot. (n.d.). Retrieved from <https://www.blogspot.com>
- Department of Education, Philippines. (n.d.). <https://www.deped.gov.ph>
-



Google.com.ph. (n.d.). <https://www.google.com.ph>

LearnUpon. (n.d.). <https://www.learnupon.com.ph>

Wikipedia. (n.d.). <https://www.wikipedia.com.ph>

Google Books. (n.d.). <https://books.google.com.ph>